

*A
Bride
Prepared*



“YOU ARE A CROWN OF GLORY IN THE HAND OF THE LORD,
AND A ROYAL DIADEM IN THE HAND OF YOUR GOD.”
(ISAIAH 62:3)

Isang Nakahandang Nobyang Ikakasal

Ang Kasulatan sa ibaba ng larawan sa balat ng aklat

"Ikaw ay isang korona ng kaluwalhatian sa kamay ng Panginoon, at isang maharlikang tiara sa kamay ng iyong Dios."

Si Jesus ay nakikipagusap sa Kanyang nobyang pakakasalan. Ang maharlikang tiara, katulad ng suot ng nobya sa balat ng aklat, ay isang hiyas na palamuti sa ulo na nagpapahiwatig ng soberanya.

*"Tulad ng pagbubunyi ng Nobyong Ikakasal sa kanyang Nobya, gayon din ang iyong Dios ay magbubunyi sa iyo."
(Isaias 62:1-5)*

Ang librito na ito ay isang libreng serbisyong pang-edukasyon na inilathala ng

**Sabbath Church of God
P.O. Box 30332
Little Rock, AR. 72260**

Email: info@sabbathcog.net

www.ChildrenOfGod.net
www.SabbathCoG.net

Isang Nakahandang Nobyang Ikakasal

Talaan ng Nilalaman

Mga Nilalaman	pahina	1
Panimula	pahina	3
Tayo ay Ipinagkasundong Ikasal kay Cristo	pahina	4
Ang Mga Tunay na Salita ng Dios	pahina	5
Handa na ba ang Nobya?	pahina	6
Malapit na ang Ating Kaligtasan	pahina	7
Paglulubos ng Kabanalan	pahina	8
Maging Gayon ang Ginagawa	pahina	9
Hanapin ang Espiritwal	pahina	10
Sino ang Iyong Minamahal?	pahina	11
Ikaw ba’y Karnal Pa Rin?	pahina	12
Ganap na Magkakasama	pahina	13
Ang Tungkulin ng Ministeryo	pahina	14
Mga Hangal na Birhen	pahina	15
Ang Dios ang Pinagmumulan ng Pagkakaisa	pahina	16
Ang Pinto ay Sumasara...	pahina	17
Maikli ang Panahon	pahina	18
Isang Espiritwal na Relasyon	pahina	19
Ang Nobya ay Isang Tagapaglingkod	pahina	19
Ang Nobya ay Naghuhugas ng mga Paa	pahina	20
Buto ng Aking Mga Buto at Laman ng Aking Laman	pahina	21
Isang Bagong Mukha	pahina	22
Isang Katawan – Isang Espiritu	pahina	22
Isang Nobya Lamang	pahina	23
Ang Nobya ay ang Iglesia	pahina	22
Kilalanin ang Katawan	pahina	24

Isang Nakahandang Nobyang Ikakasal

Talaan ng Nilalaman

Isang Mabuting Matrimonyo	pahina	25
Isang Iglesia	pahina	27
Nobyang Pakakasalan ni Cristo	pahina	28
Ang Ating Bahagi sa Paghahanda	pahina	29
Binibigyang Babala ni Cristo ang Iglesia	pahina	29
Ang Mapagpanggap na Iglesia ng Dios	pahina	31
Ang Nobya ay Humahatol ng Tama	pahina	32
Ang Inaasahan ni Cristo sa Kanyang Nobyang Pakakasalan	pahina	33
Ano ang Kinakailangan ng Panginoon sa Kanyang Nobya?	pahina	34
Palaging Isang Abay, Hindi Isang Nobya	pahina	34
Inuuna ng Nobya ang Dios	pahina	35
Mga Tagapaglingkod ni JesuCristo	pahina	36
Pagmamahal at Pag-aasawa	pahina	37
Isang Mensahe ng Babala	pahina	38
Ang Pagmamahal ng Dios ay Nagiging Sakdal	pahina	39
Mahalin ang Isa't-isa	pahina	40
Minamahal ng Nobya ang mga Anak ng Dios	pahina	41
Handang Mamatay Para sa Iba	pahina	42
Inaalay ng Nobya ang Kanyang Buhay Araw-araw	pahina	42
Ang Isang Ministro ay Kapatid Rin	pahina	44
Sino ang Aking Kapatid?	pahina	45
Isang Maringal na Katotohanan	pahina	46
Zion	pahina	48
Gumising Ka Sa Pagkakatulog	pahina	50
Kaya't Makakasama Natin ang Panginoon Magpakailanman	pahina	51

Isang Nakahandang Nobyang Ikakasal

Panimula

Mula pa sa simula, ipinaalam sa atin ni Jesucristo ang Kanyang intensyon na pakasalan ang isang pinakamarikit na Nobya. Ang pagpapakasal ng Cordero sa Kanyang esposa ay ang magsisimula ng walang hanggang tipan na hinangad ni JesuCristo noong kauna-unahang panahon. Mula sa panahon ng kasunduang magpakasal ng Israel sa kaparangan (Jeremias 2:2) hanggang sa kasal ng Cordero, minahal ni JesuCristo ang Kanyang Nobya ng isang sakdal na pagmamahal na higit sa kaya nating isipin (Mga Taga Efeso 3:19). Ang kanilang kasal ay ang magiging pinakamarangyang seremonya na masasaksihan ng kalangitan at kalupaan. Kahit ito’y parang isang panaginip o isang pabula, ito ay sa katunayan, isang maringal na katotohanan.

Mga kapatid, maikli na lang ang panahon para tayo ay maghanda. Marami sa mga nag-iisip na sila ay bahagi ng Iglesia ng Dios ay hindi handa na maging Nobyang pakakasalan ni JesuCristo. Ang Ikapitong doktrina ni JesuCristo ay, “*Magpatuloy sa Kasakdalan;*” ito ang dapat ginagawa ng Nobya (Mga Hebreo 6:1-2).

Hindi na kailangang sabihin pa na si Jesus ay magiging napakapihikan sa pagpili ng Kanyang mapapangasawa sa panghabang-buhay. Kahit mas gustong paniwalaan ng mundo na tinatanggap tayo ni Jesus sa kasalukuyan nating istado – “kung ano ka” – malinaw sa mga Kasulatan na ang Kanyang Nobya ay gagayakan ng pinakadalisay na puting damit na pangkasal – na sumisimbolo sa kanyang sakdal na pagmamahal para sa Kanya, ng kanyang walang bahid na espiritwal na kalagayan, at ng kanyang walang hanggang katapatan sa matrimonya.

Lubos ba tayong nakatitiyak na umaabot tayo sa pamantayan – sa madaling salita, tayo ba ay handa na? Ang sino man na nagpapalagay na naabot na nila ang *kasakdalan ng sukat ng taas ng kalubusan ni Cristo*, ay minamaliit ang kataas-taasang kasakdalan ni JesuCristo (Mga Taga Efeso 4:13). Sa anong antas ng kahusayan ang kailangang maabot ng mga kapatid sa Iglesia upang maging handa?

Sa paghahambing ng pagkakaisa sa pag-iisip at puso sa relasyon ng mag-asawa sa buklod ng pagkakaisa na umiiral sa pagitan ni Cristo at ng mga kapatid sa Iglesia, tinawag ito ni Pablo na isang malaking misteryo. Ano ang kahalagahan ng kasal ni JesuCristo sa Iglesia? Sino ang Nobyang ikakasal? Kapansin-pansin na inihayag na hindi lahat ay makakasali sa piging ng kasal ng Cordero! *Pinagpala ang mga tinawag sa piging ng kasal ng Cordero!* Ano ang maaari nating gawin upang makalahok sa kasal ni Cristo?

Ang mga propesiya sa Kasulatan ay naglalantad sa karilagan ng pinakasukdulang seremonya ng kasal. Hindi natin nanaisin na hindi makasali sa pinakamaringal na kasalan ng lahat ng panahon. Isang nakamamanghang katotohanan na ang ating Panginoon at Maestro ay napili tayo upang gawing Kanyang Asawa sa pamamagitan ng pagbigay ng isang walang hanggang pangako sa atin. Ang mga salita ay hindi sapat upang ilarawan ang pinakamaluwalhati na seremonya, na inilaan ni Cristo para sa Kanyang Nobya lamang. Banal na musika ang aalingawngaw sa buong kalangitan, at kumikislap na kinang ang magbibigay liwanag sa silid ng trono, habang ang Nobya ay iniharap sa kanyang Panginoon. Siya ay tatanggapin Niya, nakagayak ng kanyang

naglilwanag na puting sedang damit na pangkasal – at sa kanyang ulo ay isusuot niya ang magandang maningning na korona (Ezekiel 16:12).

Tayo ay Ipinagkasundong Ikasal Kay Cristo

Sa ngayon, tayo ay may kasunduang pakasal. Ngayon lamang ang ating panahon ng paghahanda upang tayo ay maging dalisay na birhen na katipan ni JesuCristo ang ating Nobyo. *“Ipinagkasundo kitang ikasal sa isang asawa, upang ikaw ay maiharap ko kay Cristo na isang malinis na birhen.”* (2 Mga Taga Corinto 11:2) Papasok Siya sa isang walang hanggang bagong tipan ng matrimonyo sa espiritwal na Israel – ang Iglesia ng Dios – na hindi masisira. *“Masdan niyo, darating ang mga araw, sabi ng Panginoon, na Ako’y gagawa ng isang bagong pakikipagtipan sa sangbahayan ng Israel at sa sangbahayan ng Juda.”* (Mga Hebreo 8:8, Jeremias 31: 31-32)

“Tayo ay magalak at magbunyi, at bigyang parangal Siya: sapagkat dumating na ang pagkakasal ng Cordero, at ang Kanyang asawa ay nakahanda na. At sa kanya’y ipinagkaloob na gayakan ng pinong lino, malinis at maputi: sapagkat ang pinong lino ay ang pagkamakatwiran ng mga santo. At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Mapapalad ang mga inanyayahan sa piging ng kasal ng Cordero. At sinabi niya sa akin, ang mga ito ay tunay na mga salita ng Dios.” (Apocalipsis 19:7-9)

Ang Iglesia ng Dios ay hindi pa handa para sa kasal. Ang kakulangan ng pagmamalasakit at respeto sa mga kapatid na babae at lalaki kay Cristo ay nagpapakita na malayo pa ang ating lalakbayin. Ang nahahati at watak-watak na estado ng Iglesia ay nagpapatunay sa katotohanan na ang Nobya ni Cristo ay hindi pa handa. Pagkatapos ng maraming taon ng pangangaral na nagpapaliwanag kung paano paliwanagin ang ating ilaw – ang bunga ng ating pamumuhay ay halos hindi naiiba sa mga nasa mundo. Hindi tayo namumuhay ayon sa panuntunan ng Kaharian - ngayon – na gaya ng dapat. Kung ginagawa natin ito, tayo sana ay *“Isang ilaw sa sanlibutan – at ang ating ilaw ay sadyang liliwanag sa lahat ng tao...na sila ay luluwalhati sa ating Ama na nasa langit.”* (Mateo 5:14-16) May mga dahilan kung bakit hindi ito nangyayari. Ang librito na ito ay ilalarawan kung ano pa ang mga dapat gawin ng mga tinawag at nagsimula nang sundin ang plano ng kaligtasan ng Dios.

Ang Mga Tunay na Salita ng Dios

Kapag binabasa natin, “*Ito ang mga tunay na salita ng Dios,*” unawain natin ang propesiyang ito tungkol sa *kasal ng Cordero* na tunay at makatotohanan – hindi lang alegoriko. Layunin nating ipakita ang tibay at katunayan ng mga salita ni Cristo, at alertohin ang mga kapatid sa kritikal na pangangailangan na ihanda ang kanilang mga sarili – *ang Kanyang asawa ay handa na*. Tinupad ni Cristo ang Kanyang bahagi, ngunit ang tanong ay – anong bahagi ng Iglesia ang handa na ngayon? Ang *pagkahanda ng Nobya* ay ang bagay na dapat nating pinakainaalala sapagkat ang ating walang hanggang kaligtasan ay nakataya at nakadepende dito.

Ano ang magiging katangian ng Nobya? Paano siya magkakaroon ng espiritwal na kadalisan? Ang Nobya ay *gagayakan ng pinong lino, maputi at malinis* – ibig sabihin siya ay magiging isang inosenteng, birhen na Nobya. Ginawa ni Jesus ang Kanyang parte sa paghugas ng Kanyang Nobya upang gawin siyang matuwid. Siya ay magiging sakdal at walang bahid – ang kanyang mga katangian ay tutugma sa sariling kasakdalan at kaluwalhatian ni Cristo – sapagkat ginawa Niya siyang espiritwal na dalisay.

“Mahal ni Cristo ang [Nobyang], at ibinigay ang Kanyang sarili para sa kanya; upang pakabanalin Niya at linisin siya sa paghuhugas ng tubig sa pamamagitan ng salita, upang maiharap Niya ito sa Kanyang sarili na isang maluwalhating Iglesia, na walang dungis o kulubot, o anomang gayong bagay; kundi upang maging banal at walang kapintasan.” (Mga Taga Efeso 5:25-27)

Ito ay magiging isang napakagandang seremonya para sa napiling Nobya na naghihintay sa pagdating ni Cristo. *“Ang maluwalhating Nobyo ay darating; at [tanging] ang mga nakahanda ang nagsipasok na kasama Niya sa kasalan: at ang pintuan ay isinara.”* (Mateo 25:10) Ang katuparan ng pangako ng Dios ay hihigit pa sa pinakamatayog na inaasam ng Nobya. Hindi natin nanaising palampasin ito! Tayo ay maghanda, at tiyakin na tayo ay makakasama sa mga pipiliin ni JesuCristo na maging Kanyang Nobya.

Handa na ba Ang Nobya?

Tayo ay nasa katapusan na ng panahon – lahat ng mga palatandaan na sinabi ni Jesus na abangan natin ay *malapit na, nasa pintuan na* (Mateo 24:33). Tayo bang mga kapatid sa Iglesia ay handa na salubungin si JesuCristo sa Kanyang pagbalik? Maari kang sumagot ng, “Oo, handa na ako – pagod na akong maghintay – tapusin na natin ito.” Ngunit, tayo ba ay *espiritwal nang handa* na maging Nobyang pakakasalan ni Jesus? Iyon ang intensyon ng mga salita ni Jesus, “*Ang Nobya ay inihanda na ang kanyang sarili,*” sa paglalarawan ng mga kapatid na bumubuo ng Nobya na Kanyang pakakasalan sa Kanyang pagdating.

Mayroon ba tayong mga mata para makita na sa mga nakaraang dekada, ang Iglesia ng Dios ay labis nang lumayo sa pagiging ulirang Nobya? Nawala na nito ang pagkasigasisig at simbuyo ng damdamin na makita si Cristo na itatag ang Kaharian ng Dios. Wala na ang nag-aalab na hangarin na maibahagi ang ating pananampalataya sa buong sanlibutan.

Mayroong mga nag-aakala na ang kanilang departamento ng media ay nagpapalabas ng mabuting programa para sa telebisyon, ngunit sinabi ni Jesus na hindi ito katulad ng bawat isa sa atin ay nagpapahayag ng ebanghelyo sa pamamagitan ng masiglang **pagsasabuhay ng ating pananampalataya** – *upang malaman ng sanlibutan* (Juan 17:23). Ang Kristiyanong pagmamahal ng nakararami sa mga kapatid ay nanlamig na. Ang Iglesia ay *hindi nakahanda* – tandaan ang mga salita ni Jesus: “*Samantalang nagtatagal ang Nobyo, silang lahat ay nakaidlip at nakatulog.*” (Mateo 25:5)

Ito ang problema: Ang mga salitang ito, “*Ang Nobya ay inihanda ang kanyang sarili,*” ay hindi naglalarawan sa malaking bahagi ng Iglesia ng Dios sa kasalukuyan. Ating harapin - kung nauunawaan natin ang anomang bagay tungkol sa pagsasagawa ng ating Kristiyanong pananampalataya, ay agad nating aaminin na ang espiriwal na estado ng Iglesia ay nasa malalang kondisyon. Ang Iglesia ng Dios ay *hindi* handa para sa piging ng kasal ng Panginoon.

Malapit na ang Ating Kaligtasan

Ito ay talagang isang mapangahas na pahayag, ngunit napakaliwanag ng ebidensya na itong huling panahon ng Iglesia ay nakatulong na. Walang gaanong kaibahan sa mga buhay natin at ng mga mabubuting Protestante, maliban lang sa ang ating pakikisalamuha ay sa Sabado, at “nagbabakasyon” tayo sa panahon ng taglagas. Ang mga kapatid na natutulong ay hindi binibigyan pansin ang pagpapaalala ni Pablo, “*Yamang nalalaman ang panahon, na ngayo’y napapanahon na **magsigising sa pagkakatulog**: sapagkat ngayon ay lalong malapit na ang ating kaligtasan kay sa nang tayo’y [unang] sumampalataya.*” (Mga Taga Roma 13:11)

May sinabi si Jesus tungkol sa ating paubos na espiritwal na estado sa katapusang panahon bilang babala sa atin. “*Sa pagtatapos ng araw sinasabi niyo, Magiging maganda ang panahon: sapagkat mapula ang langit, at sa umaga sinasabi niyo, magiging masama ang panahon: sapagkat mapula ang langit at makulimlim.*” (Mateo 16:2-3) Hindi iyon isang ulat ng panahon! Inaalerto tayo ni Jesus upang intindihin ang mga palatandaan ng mga panahon. Sinasabi Niya, “Tingnan ninyo ang salat na espiritwal na kalagayan ng mga kapatid – at kumilos kayo!” Kapag tayo ay hindi gumising at kumilos, tayo ay hindi tatanggapin. “*Sapagkat ikaw ay maligamgam, at hindi mainit o malamig man, ay isusuka kita sa aking bibig.*” (Apocalipsis 3:16)

Wala sa atin ang sadyang gustong maging maligamgam, bulag, o walang sigla. Ngunit, paano tayo magbabago? Ano ang dapat natin gawin upang maging handa? Palaging may mga yaong hindi lumalakad ng karapat-dapat sa kanilang pagiging Kristiyano, at palaging magkakaroon ng mga ganoon. Ngunit ngayon, sinasabi ni Jesus na ang mga hinirang na anak ng Dios ng katapusang panahon ay naging makamundo. Sa pagpalagay ni Cristo tayo ay pababa ng pababa. Kung makikita natin ang ating mga sarili tulad ng tingin sa atin ng Dios, malalaman natin na ang karamihan ng mga ministro at mga nagsisimba ay hindi na handang manindigan para sa Katotohanan.

Marahil ang bawat isa sa atin ay sasabihin, “Nalampasan ko ang maraming mga pagsubok – lumabas ako sa mundo at mga organisasyon na hindi kumakatawan sa tunay na Katawan ni Cristo.” Mag-ingat tayo na hindi magkamali ngayon na paniwalaan na matagumpay nating nalampasan ang huling pagsubok. Kung mayroon tayong mga mata para makakita, hinahayag ng ebidensya na marami ang nagkaroon na ng maling pakiramdam ng pagkakampante. Kung talagang marunong tayo, makinig tayo ng mabuti sa mga salita ni Cristo, at maingat natin suriin ang ating mga sarili.

Paglulubos ng Kabanalan

At kung ang mga kapatid sa Iglesia ay natutulog, marahil ang mga pinuno ng Iglesia ay wala nang malay. Dumating na tayo sa punto na halos kahit ano ay nangyayari – at hindi natutuwa ang Dios. Hiniling ni Pablo sa mga kapatid na taga Corinto na *alisin sa kanila* ang makasalanang lalaki na kinuha ang asawa ng kanyang ama (1 Mga Taga Corinto 5:13). Bakit aalisin ang makasalanang lalaki? Sapagkat dinurungisan at dinudumihan niya ang basal na relasyon ng matrimonya na nilikha ng Dios upang magpakitang halimbawa ng dalisay na relasyon sa tipan sa pagitan ni Cristo at ng mga kapatid sa Iglesia.

Ngunit sa kasalukuyan, makikita natin na pagdating sa doktrina at gawain, halos lahat ng hindi tama ay pinahihintulutan sa mga iglesia ng Dios – hindi ito dapat. Mayroon bang may karunungan at katatagan upang hilingin sa mga tao ng Dios, kasama na ang mga ministro, na *magsipaglinis sila sa lahat ng karumihan ng laman at ng espiritu, na pakalubusin ang kabanalan sa takot sa Dios* (2 Mga Taga Corinto 7:1)?

Pinagsasabihan tayo ni Pedro na *pukawin ang ating mga dalisay na pag-iisip sa pamamagitan ng pag-alaala* (2 Pedro 3:1). Ito ang kailangan natin gawin. Kapag ang mga huwad na doktrina at pagwawalang bahala ay magsimulang pumasok sa mga kongregasyon ng Iglesia ng Dios, tungkulin, hindi lamang ng mga ministro, kundi ng lahat ng nagmamahal sa Dios at sa Kanyang Katotohanan na labanan ang maling pag-uugali at pasinungalingan ito sa pamamagitan ng tamang doktrina.

Mga kapatid, ang pagpapanatili ng pinakamataas na pamantayan ay hindi opsyonal – ang ating kaligtasan ay nakataya. Ang tanong para sa atin ay hindi lamang tungkol sa paghihintay hanggang dumating si Cristo – kailangan mapagtagumpayan natin ang hamon sa atin. Kailangan natin ihanda ang ating mga sarili upang magkaroon ng espiritwal na kaayusan na ayon sa inaasahan ni Cristo sa Kanyang Nobya. Sino sa atin ang handang lumayo sa nakagawian at *gawin* kung ano ang eksaktong kailangan upang maging handa (Lucas 12:43)? Ito ang kasagutan: “*Mapalad yaong lingkod, kung dumating ang kanyang Panginoon ay maratnan siyang **gayon ang kanyang ginagawa.***” (Mateo 24:44, 46) Mga kapatid, kung kayo’y naniniwala na oras na para maratnan tayong **gayon ang ginagawa** – umpisahan na natin.

Maging Gayon ang Ginagawa

Ano ang kailangang “gayong ginagawa” ng Nobya upang maihanda ang kanyang sarili para sa kasal ng Cordero? Huwag ninyong akalain na ang Iglesia, sa pangkalahatan, ay nasa tamang landas. Ang tagubilin ni Cristo sa Iglesia ng katapusang panahon ay malinaw na nagpapahiwatig na ang mga kapatid ay hindi handa upang iharap sa kasal kay Cristo – kabaligtaran nito. Ang Iglesia ay hindi namumuhay ng ayon sa pamantayan ng dakilang pagtawag ni Cristo, at bulag sila sa katotohanang iyon – kung hindi, bakit Siya magkakaroon ng malupit na pintas sa ating espiritwal na kalagayan? “*Ni hindi mo alam na ikaw ay aba, at maralita, dukha, bulag, at hubad,*” - at iyon ang pagtasa ng Dios sa ating espiritwal na kalagayan (Apocalipsis3:17).

Ang mga tauhan ng Iglesia ay nagiging lalong mas nagkukulang kumpara kay Cristo sa kanilang mga kilos at pag-iisip – at dahil sila *ay bulag, ang karamihan ay hindi alam iyon*. Kung ang bayan ng Dios ay dadalhin sa harapan ni Cristo ngayon, marami ang nanganganib na marinig ang mga kinatatakutang mga salita, “*Hindi kita kilala.*” (Mateo 7:23) Ang malungkot na katotohanan ay ang espiritwal na kalagayan ng Iglesia ng Dios ay mabilis na lumalala.

Ang Dios Ama at si JesuCristo ay magkasamang nagtatrabaho upang dalhin tayo sa kaligtasan, ngunit kailangan tayong tumugon sa kanilang alok, at mahubog sa Kanilang imahe. “*Tayo ay Kanyang mga gawa, na nilalang kay Cristo Jesus para sa mabubuting gawa na itinalaga ng Dios noong una pa na siya nating lakaran.*” (Mga Taga Efeso 2:10) Paano natin gagawin iyon?

Ano ang ibig sabihin ni Cristo sa mga salitang iyon – *na maratnan na gayon ang ginagawa?* Ginagawa ang ano? Ano ba talaga ang nasa isip Niya na gayong “*gagawin*” natin? Hindi ba may mga bagay naman na ginagawa ang mga kapatid sa Iglesia? Ang ilan ay gumagawa ng mga tapes at DVD para ipamigay; ang iba naman ay sinisiyasat ang mga suliranin tungkol sa kalendaryo, mga bagong buwan, o propesiya; mayroon din nagpapakopya ng mga materyales ni Herbert W. Armstrong; ang ilang kapatid ay abala sa paglalathala ng materyales na babasahin, o pagpapanatili ng website; makikita natin ang mga kapatid na kalahok sa koro o manganganta, paghahanda ng bulwagan o nagsisilbi sa mga salo-salo. Ngunit hindi ito ang mga gawain na tinutukoy ni Cristo nang sinabi Niya na maging “*gayon ang ginagawa.*” Oo, ang mga bagay na iyon ay mahalaga – ngunit mas higit pa ang kinakailangan sa Nobya.

Hanapin ang Espiritwal

Ang *espiritwal* ay mas mahalaga kaysa *pisikal*. Itinuro ni Jesus kay Marta ang kaibahan sa Lucas 10 – at alam natin ang kanyang mahalagang aral. “*Si Jesus ay pumasok sa isang nayon: at tinanggap Siya ni Marta sa kanyang bahay.*” Si Marta ay katulad ng marami nating kapatid na masyadong abala sa lahat ng uri ng mga kinakailangang *pisikal* na proyekto. “*Mayroong isang kapatid na babae si Marta na si Maria, na naupo sa paanan ni Jesus, at nakikinig sa Kanyang mga pagtuturo.*”

“*Ngunit si Marta ay naliligalig sa kanyang mga proyekto, at sinabi kay Jesus, “Panginoon, wala bang anoman sa Iyo na ang aking kapatid na babae ay pabayaanan ako na maglingkod – na mag-isa? Sabihan mo siya na ako ay tulungan.” At sumagot si Jesus at sinabi sa kanya, Marta, Marta, naliligalig ka at nababagabag tungkol sa maraming bagay. Ngunit isang bagay ang higit na mahalaga kaysa ano pa man: at pinili ni Maria ang **mabuting bahagi** na iyon, na hindi aalisin sa kanya.”* Niliwanag ni Jesus na ang mga *espiritwal* na pagsisikap ay nahihigitan ang mga *pisikal*. Hindi naman sa hindi mahalaga ang paglilingkod at pag-aayos; datapwat, ang mga **espiritwal na bagay ng Dios** ay higit na mahalaga.

Kapag ginagamit natin ang mga aral ni Cristo na ang *espiritwal* na kalikasan ng Dios, na kailangan natin matamo, ay nakakahigit sa mga *pisikal* na aspeto ng ating mga buhay, nagsisimula natin mapagtanto na ang sobrang pagbibigay diin sa *pisikal* ay hindi makakaabot sa mga inaasahan ni Cristo sa atin. Ang lubhang mas mahalaga na pag-unlad ng ating relasyon sa Dios Ama at kay Jesu-Cristo, at ang ating pagmamahal at pagkakasundo sa ating mga kapatid kay Cristo ay siyang

dapat mauna. Ang relasyon natin sa Dios, na inudyok ng Espiritu, ay ang basehan ng ating magkakatulad na pag-iisip. *Gayon* ang dapat nating *ginagawa*.

Bakit pinakamahalaga ang pag-unlad ng ating *espiritwal* na mga buhay? Ito ay dahil sa si Jesu-Cristo ay pakakasal sa isang *espiritwal* na Nobya – hindi sa isang *pisikal* na organisasyon. Wala pa sa atin ang *espiritwal* na. Tayo ay mga makamundo pa ring mga tao kung kaya’t tumatanggi pa rin tayo makipagkasundo sa isa’t-isa. (1 Mga Taga Corinto 3:4). Ibinigay sa atin ang *tungkulin ng pakikipagkasundo* sa lahat ng mga kapatid - at iyon ang dapat natin *gayong ginagawa*. (2 Mga Taga Corinto 5:18-19)

Ang Nobya ni Cristo sa Apocalipsis 19:7 ay hindi isang maluwag na pederasyon ng mga nahahating magkakapatid. Ang *Espiritu* na pinanghahawakan ng lahat ng bumubuo ng “**Asawa ni Cristo**” ay ang pinakamatibay na buklod na mayroon. Hindi babalik si Cristo sa hiwa-hiwalay na mga tao na walang pakialam sa isa’t-isa. Ang ating kaligtasan ay nakasalalay sa ating pagmamahal sa buong *espiritwal* na pamayanan ng Dios. “*Nalalaman nating tayo’y nangalipat na sa buhay mula sa kamatayan, sapagkat minamahal natin ang mga kapatid.*” (1 Juan 3:14)

Huwag natin palampasin ang kahalagahan ng aral ni Jesus para sa atin sa panahong ito. Ang ilan ay marahil nagtataka, “Ano pa ang maaari kong gawin – sapat lang ang aking lakas, panahon at mga mapagkukunan?” Tama! Ngunit hindi tinutukoy ni Jesus ang mga *pisikal* na gawain. Ang inaasahan Niyang ginagawa natin ay ang mga *espiritwal*! Napapanahon na mas bigyang halaga natin ang mga *espiritwal* na aspeto ng ating pananampalataya. Oo, kailangan din ang mga gawain sa Iglesia at mga proyekto, ngunit hindi sila kapantay ng *espiritwal* na relasyon natin sa Dios at mga kapatid na tinutukoy ni Jesus nang sinabi Niya, “*maratnan na gayon ang ginagawa.*”

Sino ang Iyong Minamahal?

Tayo ba ay tumutupad sa ating mga espiritwal na responsibilidad? Isa pang paraan ng pagtanong ng katanungang ito ay: Ano ang dapat na ginagawa ng magiging asawa ni Cristo upang maging handa para sa kasal ng Cordero? Sa pagbalik ni Cristo: Una, handa na ang Nobya na humarap sa Nobyo, at ikalawa, ang mga hangal na birhen ay hindi magiging handa (Mateo 25:12). Maging tapat tayo sa ating mga sarili – kapag tiningnan mo ang magulo at di-nagkakaisang kalagayan ng Iglesia ngayon, tayo ay talagang hindi handa. Ang bawat isa sa atin ay dapat personal na pinaghihilom ang pagkakasira na umiiral – nasa atin ang responsibilidad.

Bago Siya namatay, sinabi ni JesuCristo sa mga apostol na *mahalin ang isa't-isa*. Ang karamihan ay sasabihin na mahal nila ang mga tao sa kanilang grupo, kaya natupad nila ang kasulatan na iyon. Sasang-ayon ba kayo na ang lahat ng mayroong Banal na Espiritu ng Dios ay mga piniling anak ng Dios, at na mayroong mga tao sa iba't-ibang grupo na mayroong Banal na Espiritu ng Dios? Lahat ng ibang korporasyong grupo ay sasabihing kinakatigan nila ang prinsipyong ito. Ngunit hindi – dahil walang kasamang maka-Dios na pagmamahal!

Ang iba't-ibang pinuno ng Iglesia ay pinili ang mali at makitid na pananaw sa pagpasiya kung sino ang nasasaklaw sa kategorya ng *“mahalin ang isa't-isa”*. Ang mga pinuno na iyon ay tusong nagpapahiwatig sa mga kasapi ng kanilang kongregasyon na mas mahusay sila kaysa sa ibang samahan. Dahil dito, ang ilang mga kapatid ay umiiwas at mababa ang tingin sa mga kapatid na wala sa kanilang organisasyon. Iyon ay isang aroganteng saloobin ng pagpaparangal sa sarili na kinokondena ni JesuCristo (Santiago 2:1).

Ang sino mang may tamang paggalang para sa pagmamahal ng Dios at sa Kanyang paraan sa buhay ay marunong kumilala kung sinong mga kapatid ang isasali sa kanilang personal na samahan. Hindi mahalaga kung sila ay kasali sa isang partikular na organisasyon o hindi. *“Silang mga may takot sa Panginoon ay madalas na naguusap-usap: at pinakinggan ng Panginoon at dininig, at isang aklat ng alaala ay nasulat sa harap Niya para sa kanila na may takot sa Panginoon, at sinaisip ang Kanyang pangalan.”* (Malakias 3:16)

Gaano pa kahaba ang panahon na natitira sa atin upang mailagay sa ayos ang lahat? Ang bawat isa sa atin ay titingnan ni JesuCristo sa mata at tatanungin, “Kailan ka – hindi ang pamunuan ng iyong simbahan – nakipagugnayan sa iyong mga kapatid sa pagmamahal at pagkakasundo? (2 Mga Taga Corinto 5:18) *“Huwag ninyong gawin ang anoman sa pamamagitan ng pag-aalitan o kahambugan; kundi sa kababaan ng pag-iisip ay ipagpahalaga ng bawat isa ang iba na mas mabuti kaysa kanyang sarili.”* (Mga Taga Filipos 2:3)

Ikaw Ba'y Karnal Pa Rin?

Isang kahihyan na hindi tayo isa sa pag-iisip, at hindi natin makasama ang mga kapamilya at kaibigan tuwing Kapistahan ng Tabernakulo. Marami sa ating mga kapatid ay tinuruan na huwag makihalubilo sa iba na hindi kasama sa kanilang samahan. Kapag nakakasalubong nila sa daan ang dati nilang mga kapatid ay iniiba nila ang kanilang tingin – hindi na nila tinuturing na mga kapatid. Sinabi ni Pablo na ang mga sumasali sa ganoong pag-uugali ay hindi ganap na *espiritwal*, kundi mga *batang karnal*. “*Mga kapatid, ako’y hindi makapagsalita sa inyo na tulad sa mga espiritwal, kundi tulad sa mga karnal, tulad sa mga sanggol kay Cristo.* (1 Mga Taga Corinto 3:1) *Ang Nobya ay hindi handa* na humarap kay Cristo habang nagpapatuloy ang ganitong gawain sa Kanyang *isang* Iglesia.

Hindi magtatagal, ang mga kapatid na pinapatnubayan ng Banal na Espiritu ng Dios ay magkakasama-sama sa pag-iisip, saloobin, at espiritwal na pagkakaisa bilang Nobya ni Cristo. Ang Nobya ay hindi manggagaling sa anomang makamundong organisasyon o grupo. Ito ay dahil sa ang Kristiyanismo ay hindi isang bagay na sinasalihan mo – tulad ng isang organisasyon – kundi isang paraan ng pamumuhay na humahantong sa pagkabanal at pagkamaka-Dios. Kapag tayo ay tunay na nagiging maka-Dios lamang mangyayari ang pagkakaisa sa mga kapatid, na nagsisikap ring matamo na maging *kaisa* sa Dios (Juan 17: 21-23). Magiging isang milagro kapag nangyari iyon. Ang mga guhit na nilikha ng tao na naghihiwalay sa mga kapatid ay kailangang tawirin – ang mga harang ay dapat gibain. Isa lang ang magiging asawa ni Jesus. Ang Nobya ni Cristo ay magiging husto na sa pagka-**espiritwal**. Handa ba tayo na gawin ang kinakailangan upang maging bahagi ng Nobya?

Huwag ninyong ipagkamali – si JesuCristo ay hindi babalik sa mga watak-watak na pangkat ng mga Iglesia. **Si JesuCristo ay may iisang Iglesia lamang, at iyon ay binubuo ng lahat ng mga kapatid na pinapatnubayan ng Kanyang Banal na Espiritu.** Ito ang babalikan ni Cristo. Si Cristo ay hindi hinati – paano tayo nananatiling magkakahiwalay ng dahil sa mga maling rason? Mayroong ilang mga kapatid na nakikisalamuha sa mga mayaman o sa mga ministro, at sa mga “magagandang tao” na hindi sinasali ang mga “maliliit na tao,” o ang mga walang narating sa buhay – hindi ito bagong problema (Santiago 2:3). Likas sa tao na gustong maging bahagi ng isang grupo ng mga pusturiyoso, at ginagamit ni Satanas ang bawat kahinaan na makikita niya upang mahimok ang pagkakahati-hati ng mga tao ng Dios.

Ganap na Magkakasama

Sinulat ni Pablo ang tungkol sa pagkakahati-hati ng Iglesia sa Corinto, sinabi niya na ang mga away at mga pagtatalo ay maliwanag na nagpapakita ng likas na pagkakarnal ng mga hindi naghahangad ng kapayapaan. “*Sapagkat kayo ay mga **karnal** pa: sapagkat samantalang sa inyo’y may mga paninibugho, at alitan, at pagkakahati-hati, hindi бага kayo’y mga karnal, at kayo’y nagsisilakad ayon sa kaugalian ng mga tao? Sapagkat kung sinasabi ng isa, Ako ay kay [Ilagay ang pangalan ng isang ministro]; at ang iba pa ay sinasabi, Ako ay kay [Ilagay ang pangalan ng isang organisasyon]; **hindi бага kayo’y mga karnal?**” (1 Mga Taga Corinto 3:3-4)*

Ang Iglesia sa Corinto ay nagpakita ng parehong problema na mayroon tayo ngayon. Nagsumamo si Pablo, “*Nagsusumamo ako sa inyo, mga kapatid, sa pamamagitan ng pangalan ng ating Panginoong JesuCristo, na kayong lahat ay magsalita ng parehong bagay lamang, at **huwag magkaroon ng pagkakahati-hati** sa inyo, kundi kayo’y maging **ganap na magkakasama** sa parehong pag-iisip at sa parehong paghahatol.*” (1 Mga Taga Corinto 1:10) Ang mga bersikulo na ito ay maliwanag na mga babala para sa atin ngayon na ayusin ang ating mga buhay. Sinabi ni Pablo, “*Isinusulat ko ang mga bagay na ito hindi para hiyain kayo, kundi tulad ng mga mahal kong anak ay binibigyang babala ko kayo.*” (1 Mga Taga Corinto 4:14)

Marami ngayon – katulad ng limang mga hangal na birhen ng Mateo 25 – na naniniwala na ang grupo nila ay natatanging kwalipikado upang maging Nobya, na hindi sinasali ang iba. Bilang babala para sa atin, alalahanin natin na sa buong kasaysayan, palaging mayroong “**mga hangal na birhen,**” na nag-akala na sila lang ang tanging paborito ng Dios.

Ang mga organisasyon ay kailangan – ang tungkulin nito ay pamahalaan ang mga alalahanin pang-negosyo ng grupo tulad ng pagpapalano ng mga lugar para sa Kapistahan, pangangasiwa ng mga pondo (kasama ang ikatlong ikapu), paglalathala, pagsusulat ng mga kontrata, pakikipag-ugnayan sa Pamahalaan, paghanda ng mga bulwagan para sa pagtitipon tuwing Sabbath, atbp. Ang organisasyon ay isang *pisikal* na entidad.

Isang seryosong problema ang lumilitaw kapag ang mga kasapi ay magsimulang tumingin sa punong-tanggapan sa halip na sa Dios. “Hindi ko gagawin iyon!” ang isisigaw ng mga tao. Ngunit gaano kadalas natin marinig ang, “Isasangguni ko sa Punong-tanggapan?” Ang Iglesia na itinatag ni Jesus ay isang *espiritwal* na entidad at hindi maaaring ihabla – ngunit ang mga organisasyon ay mga legal na entidad na kailangang isaalang-alang ang mga pagseseguro at mga pananagutan.

Ang Salita ng Dios ay nagsasabi na isang kabutihan ang paglingkuran ang mga matatanda at mga ulila. Sa isang halimbawa, ang punong-tanggapan ay pinagbawalan ang isang pagtitipon ng mga matatanda sapagkat, “Ang Iglesia ay maaaring ihabla kung mayroong masaktan.” Iyon ay isang kaso ng punong-tanggapan na hindi naipapatupad ang kanyang layunin. Ngunit isang mas seryosong suliranin ang lumilitaw kapag ang mga kasapi ay tumitingin sa punong-tanggapan upang gumawa ng mga desisyon ukol sa mga espiritwal na bagay sa kanilang mga buhay. Binigyang babala ng Dios ang magiging Nobya na hindi lahat ng mga ministro ay Kanyang ministro. Ang isang huwad na ministro ay maaaring maging dahilan ng pagkawala ng kaligtasan ng isang tao. Ang ilan ay mga ministro ni Satanas – na nagpapanggap na mabubuting ministro – *na nagbagong-anyo bilang mga ministro ng pagkamakatwiran.*” (2 Mga Taga Corinto 11:15)

Ang Tungkulin ng Ministeryo

Ang Biblia ay ang *buhay* na Salita ng Dios – na naglalaman ng walang kapanahunan na mga espirital na aral para sa sangkatauhan. Ang ministro ay dapat na nakapagtuturo at nangangaral ng mabuting doktrina – *hinihimay ng tama ang salita ng katotohanan* – naggagabay [ipinapakita ang daan] sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan (2 Timoteo 2:2, 15, Mga Gawa 8:31). Ang kanyang mga tungkulin ay pagbabautismo, pagkakasal, pagsagawa ng libing, pagdadasal, pagpahid ng langis sa may sakit at pagpapayo. Ang ministro ay nagpapaliwanag ng mga maka-Dios na konsepto. “*Tumatangan ng mahigpit sa matapat na Salita ayon sa itinuro sa kanya, upang maghikayat at magkumbinsi sa mga sumasalungat sa pamamagitan ng mabuting doktrina.*” (Tito 1:9)

Ang tungkulin ng ministeryo ay magturo kung paano lumakad sa paraan ng Dios at kung paano gamitin ang mga prinsipyo ng Dios sa ating buhay. Kadalasan, nakikita natin ang ministro na gumagawa ng desisyon para sa ibang pamilya. Ito ay mali! Oo, ang ministeryo ay dapat handang magbigay ng payo na maka-Dios – gayunpaman, hindi dapat inaagaw ng ministeryo ang tungkulin ng padre de pamilya na gumawa ng desisyon.

Hindi iyon ang papel ng ministro o ng kahit na anong punong-tanggapan ng grupo. “[*Ang ministeryo*] **ay walang kapangyarihan sa iyong pananampalataya, kundi mga katulong ng iyong kagalakan: sapagkat sa pamamagitan ng pananampalataya ikaw ay naninindigan.**” (2 Mga Taga Corinto 1:24) Kapag ang isang ministro ay ipinapaglagay na ang kanyang paghuhusga ay higit na mahusay kaysa iba na pinaniniwalaan niya na may karapatan siyang palitan ang personal na desisyon ng isang kasapi – lumalabag siya sa isang pangunahing prinsipyo ng Kristiyanismo.

Ang responsibilidad ng ministeryo ay tulungan ang mga kapatid na tumuon sa Dios at sa Kanyang mga paraan. Kapag ang ministro ay ginagawa ang kanyang sarili o ang organisasyon na sentro ng atensyon sa halip na ang Dios, siya ay nakagagawa ng isang sobrang seryosong kamalian sa paghuhusga. At kung minsan ang isang kasapi ay madaling nagiging *persona non grata* – isang taong hindi kinagigiliwan, kapag hindi niya ginawa ang eksaktong dinidikta ng ministro. Iyon ay mali!

Tumingin sa Dios at sa Kanyang Salita para sa direksiyon ng inyong buhay. - Ang mga kapatid na itiniwalag dahil sa mga di-makatarungang mga dahilan ng mga politikal na ministro ay hindi

natanggal mula sa tunay na Iglesia ng Dios – kundi sa isang organisasyon lamang na naliligaw. Ang Espiritu ng Dios lamang ang panghabang-panahon. Ang mga organisasyon ay dumarating at nawawala din. Ang mga nakaraang kabiguan at pagsasara ng mga organisasyon ay nagtuturo sa atin na kailangan tayong maging sobrang maingat na hindi tayo malito kung ano ang “organisasyon” at ang Katotohanan at Gawain ng Dios.

Mga Hangal na Birhen

Ilang organisasyon ang ipinagyayabang na sila ang paboritong grupo ng Dios – na pinakanasisiyahan ang Dios? O, na ginagawa nila ang pangunahing gawain at sila ay nangunguna sa pangangaral ng ebanghelyo; o na sila ang may pinakamalaking gawain; o mas maraming himpilan ng telebisyon; o nasa kanila ang may pinakamataas na katungkulan; o may tatak sila na naghihiwalay at nagpapakilala sa kanila na nakatataas sa iba; o nailathala nila ang pinakamaraming panulatan; o sila lang ang nakatanggap ng ipinasang baton ng awtoridad ng Iglesia; o mga ilan pang pahayag ng pangingibabaw? Mga kapatid, bulag ba tayo na ang ganitong pangangatwiran ay nagbibigay daan sa pagkakahati-hati?

Ang Dios ang gumaganap ng “Gawain” – tayo ay mga kasangkapan lamang Niya. *“Ito ang **Gawain ng Dios** na kayo’y sumampalataya sa Kanya [JesuCristo] na Kanyang [Ama] isinugo.”* (Juan 6:29) Ang Dios, hindi tayo, ang magpapaganap na mabigyang babala ang Israel at maibalik sa dating kalagayan (Ezekiel 3, 36). Ang Dios ang magpapaganap upang maipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng mga bansa bilang saksi. At, ang Dios ang magpapaganap upang maging posible na maihanda ng Nobya ang kanyang sarili. **Ibigay** natin sa Dios ang lahat ng kapurihan para sa lahat ng Kanyang gawain (Juan 14:10).

“Ang lahat ng nagtataas sa kanyang sarili ay mapapababa; at ang nagpapababa sa kanyang sarili ay matataas.” (Lucas 18:9-14) Hindi man sabihin ang mga mismong salita, ang ilang mga kasapi ay natuturuan sa pamamagitan ng saloobin at pag-uugali ng kanilang mga pinuno na may mga ibang kapatid na hindi sapat sa inaasahan. Saan sa Biblia mo makikita ang kahit na sinong tunay na pinuno ng mga tao ng Dios na nagsasabi sa mga kapatid na huwag magsama-sama? Hindi mo makikita iyon sapagkat ito’y maliwanag na laban sa mga pagtuturo ni Cristo. Magkakaroon ng lubos na kapayapaan sa matrimonyo ni Cristo – sapagkat Siya ang *Hari ng Kapayapaan* (Mga Hebreo 7:2).

Ang kanilang mapanghamak na mensahe ay malakas at malinaw – iwasan makihalubilo sa mga kapatid sa ibang grupo, sapagkat mas mahusay tayo kaysa kanila. Ang mga grupo na tumataya na pipiliin lamang ng Dios ang mga kasapi ng kanilang natatanging organisasyon para sa lugar ng kaligtasan, o upang maging Nobya ni Cristo, ay minamaliit ang kaisipan ni Cristo. Kapag ating ipagtanto ang kahulugan ng 1 Mga Taga Corinto 12:24, malalaman natin na ang kaisipan ni Cristo ay ang mismong kabaligtaran ng karaniwang gawain na nakikita natin sa ibat-ibang mga Iglesia ng Dios sa kasalukuyan! *“...Hinusay ng Dios ang Katawan [ni Cristo] na binigyan ng lalong saganang karangalan yaong bahagi na may kakulangan,”* sapagkat *“Inilagay ng Dios ang mga kasapi, **ang bawat isa sa kanila,** sa Katawan [ni Cristo], ayon sa Kaniyang ikalulugod.”* (1 Mga Taga Corinto 12:24, 18)

Ang Dios ang Pinagmumulan ng Pagkakaisa

Dahil ang Dios ang naglagay sa bawat kasapi kung saan Niya ikalulugod, mas makakabuti sa ating tanggapin ang lahat ng mga kapatid. Kung inaayos natin ang ating relasyon sa Dios na siyang dapat nating gawin, ang ibubunga nito ay mas mahusay na pagkakaisa sa ibang mga kapatid na katulad natin ng pag-iisip. Ang dahilan ng hindi pagkakaisa sa Iglesia, kahit maraming taon na ang lumipas, ay nagpapatunay sa katotohanan na mayroong mga hindi pa matibay na naka-ugnay kay Cristo na siyang dapat sana. Sadyang hindi matatarok kung bakit ang mga organisasyon ng Iglesia ng Dios na magkakatabing umiiral, habang hindi pinapansin ang isa't-isa bilang mga kapatid ni Cristo. Makikisali kaya si Jesus sa ganyang pagkakahati-hati na hindi gumagawa ng positibong aksyon? Malinaw na ang Nobya ay hindi magtataglay ng diwa ng paglalayo ng damdamin.

Ang kagustuhan ng Dios ay ganap na malinaw: *“Hindi dapat magkaroon ng **pagkakahywa-hiwalay** sa Katawan [ni Cristo]; kundi ang mga kasapi ay magkaroon ng magkatulad na pag-aalaga para sa isa't-isa.”* (1 Mga Taga Corinto 12: 25) Sa bersikulo na ito, ang “katawan” ay ang Katawan ni Cristo, at ang “isa't-isa” ay tumutukoy sa lahat ng kasapi na mayroong Banal na Espiritu ng Dios sa kanilang pag-iisip – na umaakay sa kanila sa paraan ng Dios (Mga Taga Roma 8:14). Hangad man ng Dios ang pagkakaisa – ngunit, ito ay **dapat base sa Katotohanan ng Dios**. Hangad ng Dios ang pagkakaisa – ngunit, ito ay dapat ayon sa Kanyang Salita: *“Ngayon ay aming inuutos sa inyo, mga kapatid, sa pangalan ng ating Panginoong JesuCristo, na **hiwalay ang inyong mga sarili** sa bawat kapatid na lumalakad ng walang kaayusan [hindi siya nagsisisi sa kasalanan].”* (2 Mga Taga Tesalonica 3:6)

Dito kailangang manaig ang pagkahustong Kristiyano – tayo ba ay *hihiwalay* sa makasalanan o tayo ba ay *lalapit sa ating kapatid* at susubukang tulungan siya? Kailangan natin gawin ang isa dito. Ito ang ating prayoridad: Kung may posibilidad na ang ating kapatid ay maari pang magsisi sa mali niyang gawain – kailangan natin siyang tulungan. Hindi ba malinaw kung ano ang dapat nating gawin? Tayo ba ay talagang hindi marunong para isiping tayo ay pinalaya na sa kautusang *mahalin ang isa't-isa*? Pinawawalang-bisa ba natin ang kautusan ng Dios sa pamamagitan ng pagmahal lamang ng mga taong “walang problema?”

Hindi tayo magiging handa para sa piging ng kasal kay Cristo hanggang sa tunay nating sikaping alisin ang mga hadlang na nananatili sa pagitan natin at ng ibang anak ng Dios. Hinihiling ng Dios na dapat tayong maging aktibong bahagi ng pagbubuo ng malapit na relasyon sa mga kapatid – kasama pati ang mga nasa kabila ng likhang-isip na mga linya ng mga organisasyon. Tungkulin ng bawat Kristiyano sa harap ng Dios na hanapin ang iba. Marahil ang apostasiya ang naghiwa-hiwalay sa atin ng laban sa ating kalooban – ngunit hindi iyon maaaring gawing katwiran para magpatuloy sa ating magkahati-hating kalagayan.

Ang mga kapatid na sa huli ay bubuo sa Nobya ni Cristo ay magkakaroon ng isang pag-iisip. Hindi hinati si Cristo – alam natin lahat iyon (1 Mga Taga Corinto 1:13). Ngunit, alam ba natin ito? Ang Katawan ni Cristo – silang mga nasa *tunay* na Iglesia, ang Kanyang *tunay* na Nobya - sa kahulugan nito – ay hindi maaaring magkahati-hati. Iyon ang nagbibigay daan sa isang seryosong tanong kung tumatangi tayong kilalanin ang iba na pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios. Kapag ang isang kasapi ay putulin ang pakikisama sa ibang mga kapatid – iyon ay pagkakahati-hati –

malinaw at simple. Isang tao o ang isa pa ay palalampasin ang mahalagang okasyon ng piging ng kasal! Hindi tayo maaaring umasa na maligtas tayo habang sinasabi mo kumbaga, “Wala akong pakialam kung ang iba ay makarating o hindi sa Kaharian ng Dios.”

Ang Pinto ay Sumasara...

Bigyan natin ng maingat na pansin ang mga salitang sinabi ni Cristo sa mga hangal na birhen sapagkat ang mga salita Niya ay para sa kasalukuyan – at ang mga iyon ay para sa atin! *“Kaya magbantay kayo, sapagkat di ninyo nalalaman ang araw ni ang oras ng pagdating ng Anak ng tao.”* (Mateo 25:13) Ang tumbalik ay ang mga salitang ito ay sinadya para maging isang **napakahalagang babala sa atin** – upang tayo ay hindi maging mga hangal na birhen, tulad ng ibang nagpalampas sa piging ng kasal! Huli na para sa ilan – ngunit hindi pa huli para sa atin!

Maaari kayang karamihan sa Iglesia ng Dios ay hindi iniintindi ang mga malinaw na babala para sa Kanyang Iglesia ng katapusang panahon? Mangyaring inyong mapagtanto na tayo ay humaharap sa katulad na mga espiritwal na banta na naglagay sa panganib sa Iglesia ng unang siglo. *“Mga minamahal, samantalang ako’y nagbigay ng buong pagsisikap ng pagsulat sa inyo tungkol sa kaligtasan nating lahat, kinakailangan kong sumulat sa inyo, at hikayatin kayo na **masigasig kayong makipaglaban para sa pananampalataya** na minsang ibinigay sa mga santo.”* (Judas : 3)

Huwag kayong mangahas isipin na mayroon na tayong lubos na sukat ng pananampalataya na sinasabi dito. Malinaw na pinaaalalahanan ni Judas ang mga kapatid na dapat ay buong lakas na nagsisikap na kumapit sa orihinal at dalisay na katotohanan na ibinigay sa kanila. Sila ang tunay na Iglesia, at nawala nila ang kaalaman at gawain ng tunay na pananampalataya na minsan nilang hinawakan at pinahalagahan. Paano nawala ang kanilang pananampalataya? Maari ba itong mangyari sa atin? Napaka-arogante ba natin para ipalagay na ginagawa natin ng tama ang lahat – iniisip na tayo ay espiritwal na *mayaman at dumami ang ari-arian, at walang pangangailangan?* (Apocalipsis 3:17)

Nagbabala si Pablo sa ganitong uri ng pagka-arogante. *“Sapagkat sinasabi ko, sa pamamagitan ng biyaya na ibinigay sa akin, sa bawat isa sa inyo, na **huwag isipin ang kanyang sarili na mas mataas** kaysa nararapat niyang isipin; ngunit mag-isip na may kahinahunan, ayon sa sukat ng pananampalataya na ibinahagi ng Dios sa bawat tao.”* (Mga Taga Roma 12:3) Ang konteksto ng babala ni Pablo ay na tayong lahat ay kasapi ng isang Katawan ni Cristo.

Katulad ng marami sa Iglesia ngayon, ang mga naunang mga kapatid na iyon ay tumigil sa pamumuhay ng ayon sa kahusayang moral na hinihingi sa atin ng tunay na pananampalataya. At nangyayari na naman ito ngayon na napakaraming mga kapatid ang nagpapainit lamang ng upuan tuwing Sabbath at kumikilos ayon sa inaasahan ngunit hindi isinasapuso. Sila ang limang natutulog na birhen ng Mateo 25 na nagkulang ng langis para sa kanilang lampara. Hindi nila ginagamit ang Banal na Espiritu ng Dios sa kanilang araw-araw na ginagawa. Iyon ang pinakadahilan kaya hinihikayat tayo ng Dios ngayon na *masigasig na makipaglaban para sa pananampalataya na minsan ibinigay sa mga santo.* Ang pananampalataya ay humihingi ng pagkilos!

Maikli ang Panahon

*“Samantalang ang [hangal] mga birhen ay nagsiparoon upang bumili [ng langis], ang Nobyo ay dumating; at ang mga [marunong] birhen **na nakahanda** na ay pumasok na kasama Niya sa kasalan: at ang **pinto ay isinara**. [Ang pinto ay permanenteng isinara.] Pagkatapos ay nagsirating naman ang mga [hangal] birhen, at nagsabi, Panginoon, Panginoon, pagbuxan mo kami. Ngunit Siya ay sumagot at sinabi; tunay na sinasabi ko sa inyo, **hindi ko kayo nakikilala**.” (Mateo 25:10-12)*

Sa pagdating ni Cristo, ang pagkakataon na maging unangbunga ay lumipas na. Huli na para maghanda humarap sa Nobyo. Huwag ninyong ipagkamali, ngayon lang ang tanging panahon para maghanda. Kapag dumating ang katapusan, tayo ba ay matibay na nakatatag at naka-ugnay kay Cristo at kakayaning matiis ang mga huling pagsubok? Maaari kayang **mapagsasarhan na tayo ng pinto**? Alam natin na ang katanggap-tanggap na pananampalataya sa ating mga kapatid ay talagang magiging bihira. *“Kapag dumating ang Anak ng tao, makakahapang kaya Siya ng pananampalataya sa lupa?” (Lucas 18:8)*

Maaari kaya na kaunting pananampalataya ang mararatnan ni Jesus sa Kanyang pagbalik – bahagyang dahil sa kakulangan ng espiritwal na karne na tinatanggap ng mga kapatid? *“Ang pananampalataya ay nanggagaling sa pakikinig, [mga mabuting pangaral na galing sa Biblia] at ang pakikinig sa pamamagitan ng Salita ng Dios.” (Mga Taga Roma 10:17)* Inilalarawan ng Dios ang panghuling espiritwal na taggutom ay yaong **ni hindi alam** ng mga kapatid kung ano ang nawawala sa kanila. *“Sinasiabi mo, Ako ay mayaman at dumami ang ari-arian, at walang pangangailangan; at **hindi mo nalalaman** na ikaw ay isang aba, at kahabag-habag, at dukha, at bulag, at hubad.” (Apocalipsis 3:17)*

Tayo ay nabubuhay sa pinakahuling mga araw. Ang panahon ng piging ng kasalan ay napakalapit na. Hindi magtatagal si JesuCristo ay kakatok. *“Masdan niyo, Ako ay nakatayo sa pintuan, at kumakatok: ang sinomang duminig ng Aking tinig, at magbukas ng pinto, Ako’y papasok sa kanya, at **maghahapunang kasalo niya**, at siya’y kasalo ko.” (Apocalipsis 3:20)* Ngunit malinaw ang mga Kasalutan – maraming mga kapatid sa Iglesia ay hindi espiritwal na mahahanda upang harapin ang Nobyo sa panahon ng Kanyang pagdating. Sinabi ni Jesus na sa Kanyang pagdating ay mararatnan ang ilang mga santo – posible kalahati ng mga kapatid – na **hindi handa**. Ang bersikulo 13 ay isang babala na ibinigay ng may pagmamahal, *“Kaya magbantay kayo, sapagkat hindi niyo nalalaman ang araw ni ang oras ng pagdating ng Anak ng tao.”*

Bakit tinawag sila ng Dios na mga hangal na birhen? Iyon ay dahil sa naging hangal sila sa paniniwala na sila ay **nakapasa na**. Sa kanilang espiritwal na pagkakahimbing, hindi sila nanatiling mapagbantay hanggang sa pagbalik ni Cristo. Hindi nila ginagawa kung ano ang kailangan upang magkaroon ng Kristiyanong relasyon sa Dios na Lumikha at sa mga kapwa kapatid. Inakala nilang sila ay handa, o inisip nilang kaya nilang maghanda sa huling posibleng sandali.

Isang Espiritwal na Relasyon

Bakit nasabi ni Jesus sa limang hangal na birhen, “*Hindi ko kayo nakikilala?*” Ang sagot ay nangahas silang isipin na sila rin ay may karapatan at handa na pakasalan ang Nobyo katulad ng limang *marunong* na birhen, na mayroon **tunay na espiritwal na relasyon** sa Dios.

Hindi lang ang mga kasapi ang nahulog sa mapanlinlang na patibong na ito. Ang mga ministro din ay tinuturing ang mga sarili nila na nakakaangat sa iba - marahil higit pa. Ang ilan ay iniisip, “Dahil sa aking ranggo at maraming taon ng paglilingkod, ako ay natatanging kwalipikado at mas malapit sa Dios.” Marami ang napunta sa Iglesia nang panahon na masyadong binibigyang diin ang pamahalaan ng Iglesia at ang awtoridad ng herarkiya sa mga kasapi. Pasintabi lang, karamihan sa ministeryo ay ang tingin sa sarili nila ay mga maharlika ng Europa – at hindi napapailalim sa mga parehong patakaran ng mga ordinaryong kasapi. Oo, ang mga makakasama sa unang muling pagkabuhay ay magiging maharlika sa Kaharian ng Dios, ngunit hindi ngayon ang panahon para gawing kaugalian o magpakita ng mas-banal-saiyo na pagka-eletista.

Ang mga may “pribilehiyo” na ministro ay hindi makikita sa publiko kung hindi sila nakaayos ng mabuti, at suot ang kanilang amerikana. Hindi sa namimintas – ganoon talaga dati at ganoon pa rin para sa ilan. Marahil ay sasabihin mo, “Anong mali doon?” Ang mali ay ito ay eksaktong kabaligtaran ng itinuro at ipinakita ni Jesus!

Ang Nobya ay Isang Tagapaglingkod

Ihambing ang paglalarawan na iyon ng mabikas manamit na mga ministro sa totoong larawan ni JesuCristo; walang amerikana, nakaluhod, hinuhugasan ang mga paa ng mga disipulo bilang halimbawa kung paano dapat maging **tagapaglingkod** ang mga ministro. “[*Jesus*] tumindig mula sa paghahapunan, at itinabi ang Kanyang mga damit; kumuha ng isang tuwalya, at ibinigkis sa Kanyang sarili...at sinimulang hugasan ang mga paa ng mga disipulo, at pinunasan ang mga ito ng tuwalya na nakabigkis sa Kanya... Sapagkat kayo’y binigyan Ko ng halimbawa, upang **gawin ninyo** ayon sa ginawa Ko sa inyo.” (Juan 13:4, 15) “Sapagkat sino ang mas dakila, siya bang nakaupo na kumakain, o Siyang naglilingkod? Hindi ba siya na nakaupong kumakain? Datapwat Ako ay kasama ninyo bilang **Siya na naglilingkod.**” (Lucas 22:27) Isinantabi ni Jesus ang Kanyang kaluwalhatian at kapangyarihan upang bumaba sa lupa para sa layuning paglingkuran ang sangkatauhan.

Ibinaba ni Jesus ang Kanyang sarili mula sa harapan ng Dios Ama – at mas mababa pa sa mga anghel – mas mababa pa sa sangkatauhan. Siya ay naging **tagapaglingkod ng sangkatauhan** upang iligtas tayo. At, sinabi Niya na dapat ganoon din ang gawin natin! Sa kasamaang-palad, ang kaisipan ni Satanas na ganap na ayaw ibaba ang kanyang sarili upang maglingkod, ay kadalasang nananaig sa sangkatauhan na sarili lang ang iniisip. Nang napagtanto ni Satanas na siya ay magiging sunud-sunuran sa mga tao – siya ay nagrebelde at nawala sa kanyang unang estado bilang isa sa mga kerubin na nagtatakip sa trono ng Dios (Judus: 6, Ezekiel 28:16). Kaya ba nating ibaba ang ating mga sarili sa ilalim ng lahat – upang maglingkod tulad ng ibinigay na

halimbawa ni Jesus? May mas malalim na kahulugan ang paghuhugas-paa kaysa pagkukumbaba ng ating mga sarili ng ilang mga minuto sa sahig.

Ang Nobya ay Naghuhugas ng mga Paa

Ang kahulugan sa likod ng seremonya ng paghuhugas-paa ay napakahalaga kung kaya't sinabi ni Jesus na ito ay kinakailangan para sa ating kaligtasan. Ang paghuhugas-paa ay sumisimbolo sa ating panibagong pangako na lumakad sa pagbabagong buhay na ginawa natin nang tayo ay mabautismuhan. At higit pa diyan, hinihiling din ng Dios na tulungan natin ang ibang mga kapatid na maging malinis sa harap Niya. Kapag ang kapatid na lalaki o babae ay naliligaw at hinayaan pumasok sa kanyang buhay ang isang seryosong kasalanan – kailangan natin maglingkod sa kanila sa pamamagitan ng pagtulong para sa kanilang espiritwal na kaligtasan – anoman ang kinakailangan gawin – iyan ang pag-aalay ng ating buhay para sa mga kapatid.

Bakit hindi makita ng napakarami ang malinaw na aral na iyon? Kahit ang mga nagsasalita tungkol sa pagiging lingkod na pinuno ay patuloy pa rin sa dating gawi. Kaiba sa positibong halimbawa ni Jesus sa atin, bakit ang karamihan sa mga ministro ay patuloy na naniniwala na kailangan nila magpakita ng katanyagan at pagkasopistikado? Mas mahalaga ba na panatilihin ang ganoong mapagpanggap na hitsura kaysa sumunod sa halimbawa ni Cristo na mapagkumbabang paglilingkod? Ang halimbawa ni Jesus ay ang pagtatabi ng kanyang tunay na katanyagan at naging **pinakamababang lingkod** – ibinigay pa ang Kanyang buhay para sa atin. *“Si JesuCristo, bagama't nasa anyong Dios, ay hindi Niya inisip na isang bagay na dapat ariin ang pagkapantay Niya sa Dios: kundi bagkus hinubad Niya ito, at **nag-anyong isang tagapaglingkod.**”* (Mga Taga Filipos 2:6-7)

Hindi ito bagong paghahayag – halos lahat ng mga ministro na iyon ay magsasabi na naiintindihan nila ang konseptong iyon ng paglilingkod. Kaya nga lang iginigiit nila ang paglilingkod mula sa posisyon ng kataasan. Iyon mismo ang salungat sa itinuro ni Jesus! *“[Jesus] ay nauupo, at tinawag ang labindalawa, at sinabi sa kanila, Kung sinoman ang naghahangad na maging una, ay siyang magiging **pinakahuli sa lahat, at tagapaglingkod ng lahat...**Sinoman sa inyo ang magiging pinaka-nangunguna, ay magiging **tagapaglingkod ng lahat...**Sapagkat kahit ang Anak ng tao ay hindi naparito para paglingkuran, **kundi upang maglingkod, at ibinigay ang Kanyang buhay na pangtubos sa marami.**”* (Marcos 9:35, 10:44-45)

Paulit-ulit, itinuro ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na hindi sila ang pagsisilbihan, kundi sa halip ay dapat nilang ilaan ang kanilang mga buhay sa mapagmalasakit na paglilingkod sa mga kapatid. Nakakalungkot na kahit pagkatapos ng maraming taon, may ilang ministro ang nagbabaluktot ng mga salita ni Jesus, at pinapalagay nila na mas maayos nilang mapaglilingkuran ang mas marami mula sa kanilang mataas na posisyon na nangingibabaw. Ang kanilang matayog na kinalalagyan ay naglalagay sa kanila sa isang hindi akmang posisyon para magturo sa pangkaraniwang “mababang” mga kapatid. Ang mga ministro ay maaari din maging mga hangal na birhen.

Subalit, kailangan natin matutong maglingkod at mahalín ang isa't-isa – ministro man o mga kapatid! Ginawa iyon ni Jesus. Dapat din natin gawin. Iyon ang dahilan kung bakit tinawag tayo ng Dios Ama sa Kanyang Iglesia sa panahong ito. *“Sapagkat sa ganitong bagay kayo ay tinawag: dahil si Cristo man ay naghirap para sa atin, na **tayo'y iniwanan ng halimbawa, na kayo'y***

magsisunod sa Kanyang mga hakbang.” (1 Pedro 2:21) Kaya ba natin ibaba ang ating mga sarili upang maging tagapaglingkod ng lahat?

Buto ng Aking mga Buto at Laman ng Aking Laman

Ito ay tila ba kakaibang wika ngayon, ngunit ang pinakaunang paglalarawan ng pag-aasawa na makikita sa Biblia ay ito: *“Ito ay buto ng aking mga buto, at laman ng aking laman...”* (Genesis 2:23) Ang mga ito, siempre, ay mga salita ng propesiya ni Adan nang kanyang kinuha si Eba upang maging asawa niya. Ang mga makabuluhang salita na iyon ay sumasalamin sa **sakdal na espiritwal na pagsasama ni Cristo at ng Kanyang Nobya** – ang Iglesia. (Ang ‘Nobyas’ ay nagsisimula sa malaking titik sa kabuuan, bilang pahiwatig ng kanyang banal na kalikasan sa panahon ng kanyang kasal.) Hindi lamang dahil si Eba ay kinuha mula kay Adan (b.23) kaya ipinahayag ng Dios na sila ay isang laman, ito ay dahil sa ang kanilang pagiging di-mapaghihiwalay na magkabayak ay nagbibigkis sa kanila bilang isang laman. *“Kaya’t ang lalaki ay iiwan ang kanyang ama at ina, at makikipisan sa kanyang asawa: at sila ay magiging isang laman.* (Genesis 2:24).

Ang bawat nobyo ay may mga tiyak na katangian na hinahanap sa kanyang asawa – si Cristo rin ay may mga tiyak na katangian na kinakailangan sa Kanyang asawa. Sino ang magiging karapat-dapat na maging Nobya ni Cristo? Paano makikilala ni Jesus ang Kanyang Nobya? May sinabi si Pablo tungkol sa pagmamahal ni Cristo sa Kanyang Nobya. *“Walang sinoman na napoot kailan man sa kanyang sariling laman; kundi kinakandili at minamahal, gaya ng pagmamahal ng Panginoon sa Iglesia: Sapagkat tayo ay mga kasapi ng **Kanyang katawan, ng Kanyang laman, at ng Kanyang mga buto.** Dahil dito ay iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina, at makikisama sa kanyang asawa, at silang dalawa ay magiging isang laman. Ito ay isang malaking misteryo: datapwat ang sinasabi ko ay tungkol kay **Cristo at ang Iglesia.**”* (Mga Taga Efeso 5:29-32) Sa parehong paraan na ang mag-asawang lalaki at babae ay nagiging isang laman, si Cristo at ang Kanyang Nobya ay magiging **isang Espiritu.** *“Ang sinomang isinama sa Panginoon ay [hindi isang laman, kundi] kaisang Espiritu Niya.”* (1 Mga Taga Corinto 6:17)

Nauuna na tayo sa kwento – subalit malinaw na ang **tunay na Iglesia, ay sama-samang bumubuo sa Nobya.** Samakatuwid, kailangan natin maging bahagi ng Iglesia. Hindi lahat ng dumadalo ng pagsamba tuwing Sabbath ay nagbagong-loob na, at hindi lahat ng may palagay sa kanyang sarili na siya ay Kristiyano ay pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios. Nauunawaan natin na ang mga tara ay hindi nalalaman na sila ay tara, kaya mahalaga na siguraduhin natin ang pagtawag at pagpili sa atin. (Mateo 13:40, Pedro 1:10)

Paano makikilala ni Cristo ang Kanyang Nobya – ang Iglesia? Ang mga bumubuo sa Nobya ay mga tunay na Kristiyano na sumusunod sa patnubay ng Banal na Espiritu ng Dios – na may kasamang espiritwal na bunga para patunayan ito (Mga Taga Roma 8:14). Minamahal nila ang Dios at minamahal ang isa’t-isa. At, tulad ng nakita natin kanina, iniaalay nila ang kanilang mga buhay sa paglilingkod sa isa’t-isa. Inialay ni Jesus ang Kanyang buhay para sa Kanyang mga kaibigan – at sinasabi Niya sa atin na kailangan natin gawin ang parehong bagay. (Juan 15:13)

Ang intensyon ni Jesus ay ang Kanyang halimbawa ng **sakripisyo at paglilingkod** sa lahat ay maging gawi sa araw-araw na buhay para sa Kanyang magiging asawa – hindi lamang ginagawa bilang simbolo minsan isang taon tuwing Pascua. Noong unang panahon ng Iglesia, ang dyakono ay isang tagapaglingkod, tulad ng tagalinis, katulong, nars, o kahit alipin. Hindi tulad ng ibang kalalakihan, hindi minamaliit ng Dios ang mga naglilingkod. Ang mga orihinal na dyakono ay tagapagsilbi sa mga mesa at naglilingkod sa mga biyuda, at malaking parangal at pag-apruba ang binigay ng Dios dito (Mga Gawa 6:6, Juan 12:26).

Kahit ang karamihan ng mga lalaki sa lipunan ay ni hindi titingnan muli ang isang abang babae na tagalinis – ano pa kaya ang pakasalan ito – iyon ang eksaktong larawan ng kung anong gagawin ni Jesu-Cristo. Alalahanin natin na si Jesus, ang Hari at Maestro, ay kinuha ang pinakamababa na istado sa lahat, at naglingkod bilang isang dyakono [‘diakonos’]. *“Sapagkat kahit ang Anak ng tao [Jesus] ay naparito hindi para paglingkuran, **kundi upang maglingkod** [diakoneo], at ibigay ang Kanyang buhay na pangtubos sa marami.”* (Marcos 10:45) Ang lahat sa kongregasyon ay kailangang tularan ang halimbawa ni Cristo bilang tagapaglingkod sa lahat.

Isang Bagong Mukha

Sa mundo na mayroong kauriang panlipunan, elitismo, sistemang caste, mahirap isipin na ang pinakamakapangyarihan at maluwalhating si JesuCristo ay napiling pakasalan ang isang nobya na hindi mataas ang kaurian, kapangyarihan, istado o katanyagan. Tunay nga, na sinabi ni Pablo na tayo ngayon ay mga *alipin* ni Cristo [‘*doulos*,’ *alipin* na walang kahit anong karapatan o katayuan] sapagkat tayo ay binili sa pamamagitan ng Kanyang dugo (1 Mga Taga Corinto 7:22-23). Nang siya ay tinawag mula sa sanlibutan, ang Nobya ay walang kanais-nais na istado – ngunit nagsimula siyang ipakilala ang kanyang sarili sa pamamagitan ng pagsuot ng *bagong mukha, na ayon sa Dios at nilikha sa pagkamakatwiran at tunay na kabanalan* (Mga Taga Efeso 4:24). Sa katotohanan, si JesuCristo ay hindi mag-aasawa ng hindi kauri – ang Kanyang Nobya ay magiging *katulad Niya* (1 Juan 3:2, 1 Mga Taga Corinto 15:49)!

Ang parirala na, “*buto ng aking mga buto at laman ng aking laman,*” ay dapat magpagunita ng pagpapahalaga sa pagkamalapit at pagkakaisa na matatamo lamang sa pinakamatalik na relasyon – isang sakdal na pagsasama na may kaisahan sa puso, isip, layunin, at Espiritu. Minamahal ni JesuCristo ang Kanyang Nobya (Mga Taga Efeso 5:29). Tayo ay binigyan ng patiunang pagpapakita ng makalangit na kasalan na naglalarawan ng natatanging matalik na kaugnayan na ibabahagi ng Nobya sa kanyang Dios na Lumikha.

Isang Katawan – Isang Espiritu

Sa paglikha, pinatulog ng malalim ng Dios si Adan, at **binuksan ang kanyang tagiliran** at nilikha si Eba upang kanyang maging asawa. Iyon ay ginawa para maging prototipo ni Cristo at ng

Kanyang Nobya. Naunawaan ni Pablo ang kahalagahan ng ginawang iyon sa propesiya – na tumutukoy kay Jesus bilang *panghuling Adan* (1 Mga Taga Corinto 15:45, Mga Taga Roma 5:14). Ang kamatayan ni Jesus ay naguugnay sa malalim na pagkatulog ni Adan. Ang **tagiliran** ni Jesus ay **binuksan** – ang dugo ng Kanyang buhay ay umagos – na nagbigay daan sa Iglesia [ang Kanyang Nobya] upang mabuo (Juan 19:34). *Sinabi ni Adan, Ito ngayon ay buto ng aking mga buto, at laman ng aking laman: siya ay tatawaging Babae, sapagkat siya ay kinuha sa Lalaki.* Si Eba ang ulirang katuwang para kay Adan, o tulad ng pagkakasabi sa Genesis – *isang katuwang na makakasapat sa kanya...kaya’t iiwan ng lalaki ang kanyang ama at kanyang ina, at makikipisan sa kanyang asawa: at sila ay magiging isang laman.*” (Genesis 2:20-24) Sa parehong paraan, sinabi ni Jesus na Siya at ang Kanyang Nobya ay magiging **isang Espiritu** (1 Mga Taga Corinto 15:44).

Inihayag ni JesuCristo kay Pablo na ang mga kapatid sa Iglesia ay sa wari, Kanyang katawan – tulad ng mag-asawang babae at lalaki na *isang laman – isang katawan* sa matrimonya. Ang Iglesia ng Dios ay ang **Katawan ni Cristo**. “*Kayo ang Katawan ni Cristo, at mga kasapi ang bawat isa.*” (1 Mga Taga Corinto 12:27) “*...Ang Iglesia, na Katawan Niya.*” (Mga Taga Efeso 1:22-23) “*Gayon din tayo, na marami, ay iisang Katawan kay Cristo...*” (Mga Taga Roma 12:5) “*Alang-alang sa Kanyang Katawan [ni Cristo], na siyang Iglesia.*” (Mga Taga Colosas 1:24) “*Para sa ikasakdal ng mga santo...para sa ikatatatag ng Katawan ni Cristo.*” (Mga Taga Efeso 4:12) Marami pang mga bersikulo ang matibay na nagpapatunay na ang “katawan” ni Cristo ay tuwirang tumutukoy sa mga kapatid sa Iglesia ng Dios.

Isang Nobya Lamang

Nang nilikha ng Dios si Eba mula sa tagiliran ni Adan, siya ay perpekto sa lahat ng pisikal na katangian. Si Eba ay naging asawa ni Adan. Siya ay maganda, malusog, matalino, at maaaring manganak – siya ang naging *ina ng lahat ng mga nabubuhay*. (Genesis 3:20) Ginamit ng Dios si Eba *upang gawin sa isang dugo ang lahat ng mga bansa ng mga tao upang magsipanahan sa balat ng buong lupa*. (Mga Gawa 17:26) Ang mga katangian ni Eba na ito ay larawan o mga tipo na ibinigay sa atin upang maunawaan natin ang layunin ng Nobya ni Cristo. Ito ay malinaw na ipinapakita sa atin ang nakamamanghang layunin ni Cristo sa pagkuha ng asawa. Ang layunin ng Iglesia ay walang iba kundi upang sa huli ay dalhin lahat ng sangkatauhan sa pagiging **isang Espiritu** – dalhin ang buong sanlibutan sa kaligtasan. “*Siya na isinama sa Panginoon ay kaisa ng Espiritu [sa Panginoon].*” (1 Mga Taga Corinto 6:17)

Ang Nobya ay ang Iglesia

Si JesuCristo ay may **isang espiritwal na Katawan** na may maraming kasapi. Sa ngayon, sila ay nagtataglay ng isang token [patotoong garantiya] ng Espiritu ng Dios at sila ay nakakalat sa buong mundo. “*Sapagkat kung paano ang katawan ay iisa, at mayroong maraming mga kasapi, at lahat ng mga kasapi ng katawan, bagama’t marami, ay iisang katawan: gayon din naman si Cristo. Si*

JesuCristo ay may isang katawan lamang ng mga mananampalataya – iyon ang isang tunay na Iglesia – ang Iglesia ng Dios. *Sapagkat sa pamamagitan ng isang Espiritu tayong lahat ay binabautismuhan sa isang Katawan, maging tayo ay Judio o Griego, maging tayo ay alipin o malaya; at tayong lahat ay pinainom sa isang Espiritu*. Iyon ang Banal na Espiritu ng Dios. *Sapagkat ang katawan ay hindi iisang kasapi, kundi marami [mga kapatid]...Datapwat ngayon’y inilagay ng Dios ang mga kasapi bawat isa sa kanila sa katawan [ang espiritwal na katawan ni Cristo], ayon sa Kanyang ikinalugod... Datapwat ngayon sila ay maraming kasapi, ngunit iisa ang Katawan [ang iisang espiritwal na Katawan ni Cristo]... Ngayon nga kayo ang Katawan ni Cristo, at mga kasapi ang bawat isa.”* (1 Mga Taga Corinto 12:12-14, 18, 20, 27)

Kung umaasa tayo na maging Nobya, tayo ay obligado na palawigin ang sakop ng ating kapatiran, pakikisama, at paglilingkod upang isali ang lahat ng may patotoo ng Banal na Espiritu ng Dios. Hindi tayo maaaring mapoot, manghamak, magpabaya, o tanggihan ang sinoman sa mga santo, sapagkat ang pag-uugali na iyon ang magiging sanhi para hindi tayo maging karapat-dapat sa Kaharian ng Dios. Ang mga interesado lamang sa paghahanda ng kanilang mga sarili, habang pinapabayaang ang espiritwal na kapakanan ng kanilang mga kapatid, ay nahulog sa panlilinlang ni Cain, na nagtanong sa Genesis 4:9, “*Ako ba ay tagapagbantay ng aking kapatid?*”

Kilalanin ang Katawan

*Kinikilala ba natin ang ating mga kapatid na lalaki at babae kay Cristo? Napagkakaiba ba natin ang mundo at ang Iglesia? Ang pakikilahok sa Pascua – habang tumatangging makipagkasundo sa iba – ay hinahamak ang Pascua sa mata ng Dios. Kailangan nating kilalanin lahat ng **tunay** na Kristiyano, na walang hinihiwalay, tinuturing silang mga kapatid – ang ating kaligtasan ay nakataya dito. “Ang kumakain at umiinom [ng Pascua ng Panginoon] ng walang pagpapahalaga, ay kumakain at umiinom ng kapahamakan sa kanyang sarili, kung hindi niya kinikilala ang **Katawan ng Panginoon**. Dahil dito marami sa inyo ay mahihina at masakitin, at marami ang nangatulong.” (1 Mga Taga Corinto 11:29-30)*

Suriin natin ang kahulugan ng bersikulong ito. Ang tinutumbok nito ay: “**hindi kinikilala ang Katawan ng Panginoon.**” Ang Katawan ng Panginoon ay ang Iglesia – ang mga santo – ang mga hinirang na anak ng Dios – ang Nobya – ang mga kapatid – mga kasapi ng Katawan ni Cristo (1 Mga Taga Corinto 12:12). Isaisip natin na tinatalakay ni Pablo ang **kakulangan sa pagkilala** – ang paghahati-hati na nangyayari (1 Mga Taga Corinto 11:18). Ang mga lumalahok ay hindi tinuturing ang lahat doon ng pantay-pantay – bilang mga kasapi lahat ng Katawan ni Cristo. “**Pagkilala,**” ibig sabihin ay maintindihan at maunawaan na ang lahat ng mga kapatid, ano pa man ang kanilang organisasyon, ay bumubuo sa iisang Katawan ni Cristo. “**Pagkilala,**” ibig sabihin ay mapagtanto na nilalagay ng Dios ang mga kasapi sa Katawan ayon sa *Kanyang pagpili* – at walng sinoman ang ihihiwalay sa ating samahan.

Kapag hindi natin naiintindihan na ang lahat ng mga kapatid ay bumubuo sa Iglesia – masdan niyo ang mga mahirap na kinahinatnan na sumunod - “*Dahil dito [kakulangan ng pagkilala] marami sa inyo ang mahihina at masakitin, at marami ang nagatulong.*” *Tayo ay magiging espiritwal na mahina, may sakit o patay [ang kapahamakan ay ang pagkawala ng kaligtasan] sapagkat ang*

sakripisyo ni Cristo, ang Pascua, ay hindi pinahalagahan. Ang pagkakahati-hati na ito na nangyayari ngayon ay ang dahilan kung bakit ang Iglesia ay napakahina at espiritwal na may sakit.

Si Jesus ang pinuno ng Kanyang Iglesia; at ang mga nagbagong-loob na Kristiyano ay mga indibidwal sa Kanyang espiritwal na katawan. Isinulat ni Pablo: “[*Ang Dios Ama*] ay inilagay ang lahat ng bagay sa ilalim ng paa [ni Jesus], at Siyang pinagkalooban na maging **pinuno** sa lahat ng mga bagay sa **Iglesia, na siyang katawan Niya**” [ang iisang katawan ni Cristo]. (Mga Taga Efeso 1:22-23)

Si JesuCristo ay mayroon lamang isang katawan – kaya, Mayroon Siyang isang Iglesia lamang – **isang Nobya**. Ang bawat bahagi ng *katawan* (ang bawat isa ng mga kapatid) ay kailangang-kailangang ng buong *katawan*. “*May isang katawan, at isang Espiritu, gaya ng pagkatawag sa inyo sa isang pag-asa ng pagtawag sa inyo.... sa ikasasakdal ng mga santo, para sa gawain ng ministro, para sa ikatatatag ng katawan ni Cristo... Mula sa Kanya’y ang buong katawan ay nakalapang mabuti at siksik sa pamamagitan ng tulong ng bawat kasukasuan, ayon sa paggawang nauukol sa sukat ng bawat bahagi, na nagpapalaki sa katawan sa ikatitibay ng kanyang sarili sa pagmamahal.* (Mga Taga Efeso 4:4, 12, 16)

Muli, inihahayag sa Biblia na ang isang espiritwal na katawan ni Cristo ay binubuo ng mga kapatid sa Iglesia. “[*si Cristo*] ay ang ulo ng **katawan**, ang **Iglesia**, na Siyang simula, ang panganay mula sa kamatayan, upang sa lahat ng mga bagay ay magkaroon Siya ng kadakilaan... Ngayong nagagalak ako sa aking mga paghihirap para sa inyo, at pinupunan ang mga kakulangan ng mga hirap ni Cristo sa aking laman alang-alang sa Kanyang **katawan, na siyang Iglesia.** (Mga Taga Colosas 1:18, 24)

Nagdasal si Jesus para sa pagkakaisa ng Iglesia bago Siya namatay. (Juan 17). Binigyang inspirasyon Niya si Pablo upang ipadala sa atin ang mga salita ng 1 Mga Taga Corinto 1:10: “*Ngayo’y nagsusumamo ako sa inyo, mga kapatid, sa pamamagitan ng pangalan ng ating Panginoong JesuCristo, na kayong lahat ay mangagsalita ng magkatulad na bagay, at huwag magkaroon sa inyo ng mga pagkakahati-hati; kundi kayo ay ganap na magkakasama sa magkatulad na pag-iisip at sa magkatulad na paghatol.*”

Kapag nababasa natin na tayo ay mga kasapi ng **Kanyang katawan**, ng **Kanyang laman**, at ng **Kanyang mga buto**, unawain natin ang malinaw na pagtukoy sa bagong tipan na **matrimonyo** ni Cristo at ng Iglesia. Ang mga pag-aasawa ay nabibigo dahil sa mga di-makatotohanang mga inaasahan. Ngunit ang bagong tipan na matrimonyo ni Cristo ay hindi mabibigo sapagkat nilinaw ni Jesus kung ano ang inaasahan Niya sa Kanyang Nobya. Kaya ba natin gawin – kaya ba natin harapin ang hamon? Hindi tayo tatawagin ng Dios Ama upang maging Asawa ng Kanyang Anak kung hindi tayo nagtataglay ng potensyal upang matamo ang mahahalagang mga katangian na kinakailangan. Marami pa tayong gagawin – at maikli na lang ang panahon – nasa pintuan na.

Isang Mabuting Matrimonyo

Ang isang mabuting matrimonyo o buhay may asawa ay napakagandang bagay – isang maka-Dios na bagay na may malalim na kahulugan para sa buong Iglesia ng Dios. Iyon ang dahilan kung bakit napakahalaga na patuloy nating itaguyod ang ating matrimonyo sa buong buhay natin. Ang

isang mabuting matrimonyo ay isang malapit na pinag-isang relasyon sa pagitan ng isang babae at isang lalaki. Ang Dios ang nagtatag ng kasunduan ng matrimonyo sa pagitan ng isang lalaki at isang babae. Itinatag Niya ito para sa napakahalagang rason. Mula Genesis hanggang Apocalipsis, ginamit ng Dios ang pagkamalapit at pagmamahal sa pagitan ng isang lalaki at ng kanyang asawa upang sumalamin sa malalim na *espiritwal na relasyon* sa pagitan ni JesuCristo at ng Kanyang Nobya.

“Ikaw at ako lang Panginoon,” ay hindi ang uri ng relasyon na dapat mayroon tayo sa Dios. Dinisenyo ng Dios ang tao na makihalubilo sa iba sa espiritwal na paraan – hindi mabuti na **mag-isa** ang tao. (Genesis 2:18) Ipinaliwanag ni apostol Pedro na ang ating walang hanggang buhay ay nakasalalay, hindi lamang sa relasyon natin sa Dios, kundi pati kung paano tayo makipag-ugnayan sa ating asawa, at sa ating mga kapatid sa Iglesia.

Sa Kanyang sukdulang karunungan, ibinigay ng Dios sa mag-asawa ang malikhaing kakayahan na magdala ng mga anak sa sanlibutan bilang eksaktong tipo ng Kanyang walang hangganang plano na magdala ng mga anak na lalaki at babae sa kaluwalhatian – puspos ng walang hanggang buhay. Ang Dios ay nagpaparami ng Kanyang sarili, at wala nang mas naaangkop pa na larawan ng Kanyang engrandeng disenyo kaysa relasyon ng pamilya. Nang pamunuan ni Jesus ang pinaka-unang kasal, sinabi Niya, “*Kaya ang lalaki ay iiwan ang kanyang ama at ina, at makikipisan sa kanyang asawa: at sila’y magiging isang laman.*” (Genesis 2:24) Layunin ng Dios, at inaasahan Niya na ang matrimonyo ay maging ehemplo ng ganap na pagkakaisa.

Nais ng Dios na ang mag-asawa ay magkasamang papasok sa Kaharian ng Dios. Iyon ang ibig sabihin ni Pedro sa, “***kasamang tagapagmana ng biyaya ng buhay.***” Ang sigalot o salungatan sa matrimonyo ay sinisira, hindi lamang ang relasyon sa pagitan ng mag-asawa, kundi ito rin ay humahadlang at bumibigo sa tamang espiritwal na relasyon sa Dios. Ipinaliwanag ni Pedro ang konseptong ito: “*Gayon din naman kayong mga lalaki, magsipamahay kayo [kasama ng inyong asawa] ayon sa karunungan, nagbibigay karangalan sa inyong asawa, na gaya ng marupok na sisidlan, bilang ***kasamang tagapagmana ng biyaya ng buhay; upang ang inyong mga panalangin ay hindi mahadlangan.***” (1 Pedro 3:7) Ano ang ibig sabihin ng, “*upang ang inyong mga panalangin ay hindi mahadlangan*” – paano nahadlangan ang mga panalangin?*

Nagpatuloy si Pedro, “*Katapustapusan, kayong lahat ay ***magkaisa sa pag-iisip***, magkaroon ng kahabagan sa isa’t-isa, magmahalan bilang magkakapatid, maging maawain, maging magalang.” (1 Pedro 3:8) Isang seryosong problema sa mag-asawa ang umuusbong kapag ang asawang lalaki at babae ay hindi na maibahagi ang kanilang pinakamalalim na mga damdamin at mga taos-pusong alalahanin sa isa’t-isa sa tapat na paraan. Hindi na sila ***kaisa sa pag-iisip***, at ang mga dalangin nila sa Dios ay hindi magkatugma. Ang sitwasyon ay hindi na mapapanatili kapag ang bawat indibidwal ay iginigiit ang pakikipagkasundo sa Dios, ngunit hindi sa isa’t-isa. Ang *kaisahan* sa pagsasama ng mag-asawa ay napupuwera sa punto ng pagkasira., at hindi pagpapalain ng Dios ang ganoong uri ng sigalot sapagkat ang pangunahing pagkakaisa ng matrimonyo ay wala.*

Sa halip na ***kasamang tagapagmana*** ng Kaharian ng Dios, ang sitwasyon ay nabaligtad. Ang punto ni Pedro ay kapag ang nilalayon na pagkakaisa at kaisahan sa relasyon ng mag-asawa ay nasira, ang mag-asawa ay nahihwalay sa isa’t-isa at nagkukulang sa kaisahan *upang maging magkasamang tagapagmana ng biyaya ng buhay*. Kapag nagkagayon, ang mga panalangin ay nahadlangan, nabibigo, at nalalagot ang espiritwal na koneksyon sa Dios – sapagkat ang bawat isang indibidwal ay, kumbaga, hinihiling sa Dios na pagpalain lamang ang isang bahagi ng isang matrimonyo na dapat ay pinag-isa.

Iyon ang katulad na sitwasyon sa Katawan ni Cristo – ang Iglesia. Ang mga panalangin natin sa Dios ay hindi maaring maging tama, kung ang kaugnayan natin sa ibang mga kapatid ay hindi tama. Maari ba natin idalangin sa Dios at hilingin na ipagwalang-bahala ang isang bahagi ng Katawan ni Cristo? Hindi maari. Magiging Kalituhan ito. *Kung sinasabi ng sinoman, Minamahal ko ang Dios, at napopoot sa kanyang kapatid, siya ay sinungaling: sapagkat ang hindi nagmamahal sa kanyang kapatid na kanyang nakita, paano niya mamahalin ang Dios na hindi niya nakita?* (1 Juan 4:20)

Isang Iglesia

Sa parehong paraan na ang mag-asawa ay sadyang *magkasamang tagapagmana ng biyaya ng buhay*, lahat ng kasapi ng Katawan ni Cristo ay sadya ring *magkakasamang tagapagmana ng biyaya ng buhay*. “*Ang Espiritu mismo ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo ay mga anak ng Dios: At kung mga anak, ay mga tagapagmana nga; mga tagapagmana ng Dios, at mga kasamang tagapagmana ni Cristo; kung gayon ay makipagtiis tayong kasama Niya, upang tayo’y lumuwalhati namang kasama Niya.*” (Mga Taga Roma 8:16-17) “*Sa pagpapawalang-sala sa atin sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, ay maging tagapagmana tayo ayon sa pag-asa sa buhay na walang hanggan.*” (Kay Tito 3:7)

Ang asawang lalaki ay ang pinuno ng asawang babae – ang mas marupok na sisidlan. Iyon ang eksaktong larawan ni JesuCristo at ng Kanyang Nobya – ang Iglesia ng Dios. Si Jesus ang pangulo ng Iglesia – alam natin iyon. Ngunit napagtatanto ba natin na tayo – ang magkakapatid sa Iglesia – ang **marupok na sisidlan**? Gayunpaman, ginawang posible ni Jesus na tayo ay maging kasamang tagapagmana Niya sa Kaharian ng Dios nang inalay Niya ang Kanyang buhay para sa atin.

Ang mga Kasulatan ay malinaw tungkol sa ating relasyon sa isa’t-isa. Kinamumuhian ng Dios ang diborsyo sapagkat sumisira ito sa istraktura at batayan ng pamilya at pamayanan. Sa mismong parehong paraan, nasusuklam ang Dios sa pagkakahati-hati ng mga tao na nasa Kanyang Iglesia. Tungkulin natin ang pagkakasundo. Higat pa riyon, ang responsibilidad natin na makipagkasundo sa isa’t-isa ay nakahihigit pa kaysa pagsamba. Bigyang pansin ang mga salita ni JesuCristo, “*Kung dadalhin mo ang iyong handog sa altar, at doon ay naalala mo na ang iyong kapatid ay mayroong anomang laban sa iyo; Iwan mo ang iyong handog doon sa harap ng altar, at humayo ka; makipagkasundo ka muna sa iyong kapatid, at saka ka bumalik at ihain ang iyong handog.*” (Mateo 5:23-24)

Sa parehong paraan na ang mga away sa pagitan ng mag-aasawa ay nagbibigay ng espiritwal na kapinsalaan sapagkat nahahadlangan nito ang kanilang mga panalangin; ang mga pagkakagalit sa pagitan ng mga kapatid sa Iglesia ay bumibigo at pumipigil sa tamang relasyon sa Dios. Karamihan sa mga kasapi ay minamaliit ang kabigatan ng mga naputol na relasyon sa pagitan ng mga kapatid. Hangga’t hindi maibalik ang pagkakaibigan sa mga kapatid – **ang mga panalangin ay nahahadlangan**. Panatilihin natin dito ang malaking larawan. Ang Nobyang pakakasalan ni Cristo ay bubuun ng lahat ng nakipagkasundong mga kapatid sa Iglesia – sila na mga masugid na nagtatrabaho upang maibalik at mapanatili ang tamang relasyon sa lahat ng mga kapatid. Ang Nobya na pakakasalan ni Cristo ay natutunang gawin ang pakikipag-ayos at pakikipagkasundo

bilang paraan ng pamumuhay. Isaisip natin na ang mga asawang lalaki at babae ang bubuo sa Nobya ni Cristo.

Ang pinakamalalang pasakit ay ang pagkakanulo. Naranasan ni JesuCristo ang ipagkanulo. Ang Kanyang matrimonyo sa Nobya ay magpapakitang-halimbawa ng katapatang-loob ng mga natuto ng kapayapaan. Sa milenyong, ang matrimonyo ni Cristo sa Iglesia ay hindi magiging magulo sapagkat ang Nobya ay **inihanda na ang sarili niya** sa pamamagitan ng pagsasanay sa pakikipagkasundo. Ito ang dahilan kung bakit ang mga mag-aasawa ngayon ay kailangang matutunan kung paano mamuhay na magkasama sa pagmamahal, paggalang at pagkakaisa. Ang Espiritu ng Dios ay idinidikta na ang mga magkakapatid sa Iglesia ay magkaroon ng parehong pagkakaisa ng Espiritu – ginagawa silang iisa. Sila rin ay dapat magkaisa sapagkat si Jesus at ang Kanyang Nobya ay magkakaroon ng mabuting matrimonyo.

Ang Nobyang Pakakasalan ni Cristo

Nasusupil ba natin ang ating mga sarili, at nagpapatuloy hanggang sa maging perpekto? Pinapanatili ba natin na walang dungis ang ating mga sarili? Si Cristo, na perpekto, ay magkakaroon ng perpektong Nobya. Maihahanda niya ang kanyang sarili – ngunit hindi niya maihahanda ang kanyang sarili kung walang tulong ni Cristo.

Naunawaan ni Juan Bautista na kukuha ng Nobya ang Mesias. Nalaman niya mula sa mga Kasulatan na si Cristo ay papasok sa isang walang hanggang tipan ng matrimonyo sa isang matuwid na asawa. *“Sapagkat ang **May-lalang sa iyo ay ang iyong Asawa; ang Panginoon ng mga hukbo ang Kanyang pangalan; at ang iyong Manunubos ang Banal ng Israel.**”* (Isaias 54:5) Ang akala ng ibang mga tao ay si Juan Bautista ang Mesias; kaya, sa pag-alala ng mga salita ni Isaias, kinailangang ipaliwanag ni Juan Bautista sa kanila na siya ay ang “best man” lamang sa kasal, at siya ang tatayo at magiging saksi sa panata sa tipan – at si JesuCristo ang magiging **Asawa ng Nobya**. *“Siya na kasama ng Nobya ay ang Nobyo: ngunit ang kaibigan ng Nobyo, na nakatayo at nakikinig sa Kanya, ay nagbubunyi ng lubos dahil sa proklamasyon ng Nobyo.”* (Juan 3:29)

Mayroong mala-propesiyang larawan sa Ezekiel 16, kung saan ay si Jesus ay hinugasan, binihisan, at pinagpala ang bansang Israel upang siya ay maging handa para maging Kanyang asawa. Nilinisan Niya siya; Inayusan Niya at binihisan ng maharlikang pananamit – inihanda Niya siya. Ang larawang iyon ay mabubuo kapag kinuha na ni Cristo ang Iglesia – espirituwal na Israel – upang maging Nobyang pakakasalan Niya (Mga Taga Galacia 6:16). Tingnan ninyo ang detalyadong pansin na ibinigay ni Jesus sa Kanyang pakakasalan.

*“Nang ako’y nagdaan sa tabi mo, at tumingin sa iyo, masdan, ang iyong panahon ay panahon ng pag-ibig; inilatag ko ang aking damit sa iyo, [simbolismo ng alok ng kasal] at tinakpan ko ang iyong kahubaran: oo, ako’y sumumpa sa iyo, at **nakipagtipan** sa iyo, sabi ng Panginoong Dios, at ikaw ay naging akin. Hinugasan kita ng tubig; oo, hinugasan ko ng husto ang iyong dugo, at pinahiran kita ng langis. Pagkatapos ay binihisan rin kita ng yaring may burda, at sinapinan ko ang iyong mga paa ng sinelas na balat ng foka, at binihisan kita ng pinong lino, at binalot kita ng sutla. Ginayakan rin kita ng mga hiyas, at nilagyan ko ng mga pulseras ang iyong mga kamay, at isang kuwintas ang iyong leeg. At nilagyan kita ng mga alahas, at mga hikaw sa iyong mga tainga,*

*at isang magandang korona sa iyong ulo. Ganito ka nagayakan ng ginto at pilak; at ang iyong mga damit ay yari sa pinong lino, at sutla, at yaring may burda; ikaw ay kumain ng mainam na mga keyk, at pulot, at langis: at ikaw ay labis na maganda, at ikaw ay umunlad sa isang kaharian. At ang iyong kabantugan ay kumalat sa mga pagano dahil sa iyong kagandahan: sapagkat ito ay naging **perpekto** dahil sa aking kadakilaan, na aking inilagay sa iyo, sabi ng Panginoong Dios.”* (Ezekiel 16:8-14)

Isipin niyo si Cristo na ganoon din ang gagawin sa atin – sa tanging pinakamaringal na paraan – gagawin tayong **espirituwal** na kaibig-ibig at maganda! Ang Nobyang pakakasalan ni Cristo ay gagayakan ng pinong lino, malinis at maputi – ibig sabihin ay siya ay magiging isang perpektong espirituwal na Nobya – na nasa kanya ang pagkamakatwiran ni Cristo. Ginawa ni Cristo ang parte Niya sa ganap na paghuhugas ng Kanyang Nobya. Kailangan tayong mahugasan. *“Si JesuCristo... minahal tayo, at hinugasan tayo sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang sariling dugo.”* (Apocalipsis 1:5)

Ang Ating Bahagi Sa Paghahanda

Ang pinakamahalagang tanong para sa atin ay ano ang dapat ginagawa ng mapapangasawa ni Cristo upang ihanda ang kanyang sarili para sa kasal ng Cordero? Ang Nobyang pakakasalan ni Cristo ay gagayakan, hindi lamang ng mga eleganteng pisikal na kasuotan na nakakasilaw na damit pangkasal, kundi ng maningning na espirital na mga katangian na maka-Dios na pagmamahal, pagkamasunurin, pagkabanal, kasakdalan, pagkamatuwid, at pagmamahal sa kapatid (1 Juan 3:14). Ang Nobya ay hindi magtataglay ng mababaw na karakter, kundi siya ay nakabuo ng maka-Dios na moralidad – kaya siya ay angkop na nakahanda para sa kasal kay Cristo. “*Dumating ang pagkakasal ng Cordero, at ang Kanyang asawa ay nakahanda na.*” (Apocalipsis 19:7)

Tayong lahat ay naghahangad at umaasa na maging Nobyang pakakasalan ni Cristo... kaya tanungin natin ang ating mga sarili: Nagawa ba natin ang *ating bahagi* upang maging perpektong Nobya na hinahanap ni Cristo? Pansinin niyo kung ano ang masasabi ni Jesus tungkol sa Kanyang Nobya: “*At mangyayari sa araw na iyon, sabi ng Panginoon, na tatawagin mo akong Ishi [aking asawa]... “At Ako’y magiging asawa mo magpakailanman. Oo, magiging asawa mo Ako sa pagkamakatwiran, at sa kahatulan, at sa kabutihang-loob, at sa mga kaawaan. Magiging asawa mo rin ako sa pagkamatapat: at iyong makikilala ang Panginoon.*” (Oseas 2:16, 19-20) Ang matrimonyo ni Jesu-Cristo sa Kanyang Nobya ay ang magpapasimula ng walang hanggang tipan na binalangkas mula pa sa pagkakatatag ng mundo. “*Sa kanya’y ipinagkaloob na damtan siya ng pinong lino, malinis at maputi: sapagkat ang pinong lino ay ang pagkamakatwiran ng mga santo.*” (Apocalipsis 19:8)

Binibigyang Babala ni Jesus ang Iglesia

Paulit-ulit sa mga Kasulatan, binibigyang babala ni Jesus ang Kanyang Nobya na maging handa. Nalalaman ba natin na ang mga babala *ay para sa atin* – at hindi para sa iba? Binigay sa atin ni Jesus ang isang parabula tungkol sa isang tao na dumating sa piging ng kasalan na hindi nakasuot ng tamang damit pangkasal. Ang tamang damit na pangkasal ay sumisimbolo sa kahandaan at pagkamakatwiran ng mga santo. Ang taong nagpakita na ***hindi nakahanda*** ay itinaon sa panlabas na kadiliman kung saan mayroong iyakan at pagngangalit ng mga ngipin (Mateo 22:2-14). Ipinapakita ni Jesus na iniisip ng ilang mga tao na sila ay matuwid – kahit hindi naman. Iyon ay isang ***babala sa atin*** ngayon, katulad ng mensahe ni Jesus sa mga taga Laodicea na isang babala para sa atin na nasa mga huling araw na magsisi ng mabuti (Apocalipsis 3:19).

“*Ang Kaharian ng Langit ay tulad sa isang hari, na naghanda ng kasalan para sa Kanyang Anak na lalaki.*” (Mateo 22:2) Nang si Jesus ay nangungusap tungkol sa Kanyang sariling kasal sa Kanyang Nobya, ay tinapos ang parabula na may kasamang babala sa bersikulo 14, “*Marami ang mga tinawag, subalit kakaunti ang mga napili*” – iyon ay dapat sumindak sa atin upang mawala ang ating pagkakampante, maudyok tayo sa pagkilos, at magising tayo. Ibinigay ni Jesus ang mga babala na ito sa atin sapagkat nalalaman Niya na ang ating henerasyon ay nagtataglay ng likas na kahinaan – ang kahiligan nating bigyang katwiran ang ating mga sarili. Tila ba karamihan ng mga kapatid ay mas gustong isipin na sila ay mga ***taga Filadelfia na walang mga kamalian***, sa halip na makinig sa sinasabi ng Espiritu sa lahat ng mga Iglesia – lalo na ang mga taga Laodicea. Walang duda, maraming mga kapatid sa huling araw ay papasok sa kapighatian dahil sa kanilang matamlay na paraan sa kanilang pananampalataya. Kahit na sila ay nakatanggap ng saganang kapayapaan, mayamang pagsasama, kayamanan ng mga doktrina ng katotohanan, hindi pa rin sila nagtataglay ng buong espiritu ng pagkakaisa at pagmamahal sa kapatid na hinihiling ni Jesus sa Kanyang Nobya. (Apocalipsis 3:17). “*Pagsikapang panatilihin ang pagkakaisa ng Espiritu sa bigkis ng kapayapaan.*” (Mga Taga Efeso 4:3)

Napakahalaga na gamitin nating mabuti ang maikling panahon na natitira. Sa Kanyang awa ay ibinigay ng Dios sa atin ang kasalukuyang panahon upang magpatuloy tayo sa kasakdalan. **Gagamitin ba natin ng mabuti ang panahon?** Ang pagpapatuloy ng pagkakahati-hati ng maraming grupo ng mga kapatid ay nagpapahiwatig na hindi ganoon. Ang mga marurunong ay magiging kwalipikado sa lugar ng kaligtasan at matatakas ang panahon ng kaguluhan ni Jacob. *“Ay! Sapagkat ang araw na iyon ay matindi, na anopa’t walang katulad iyon: siya ngang panahon ng kaguluhan ni Jacob; ngunit siya’y maliligtaas doon.”* (Jeremias 30:7)

Sa panahon ng Kapighatian kapag si Satanas ay makipagdigmaan sa mga natira, mayroon karagdagang bilang ng mga kapatid na maninindigan, magsasalita, at iaalay ang kanilang mga buhay, at lalabas mula sa Kapighatian. *“Ang mga ito ay ang nanggaling sa malaking kapighatian, at nangaghugas ng kanilang mga damit, at pinaputi sa dugo ng Cordero.”* (Apocalipsis 7:14, 12:17) Sila rin ay magiging Nobya ni Cristo sa unang muling pagkabuhay sapagkat talagang isinabuhay nila ang kanilang interaktibong pananampalataya – minamahal ang Dios, at nakikipag-ugnayan sa mga kapatid sa espiritwal na antas.

Sino sa mga kapatid ang magkakaroon ng tibay ng loob para hayagang manindigan laban sa mga patakaran ng Kapangyarihan ng Halimaw? Iyon ang magiging pinakamahirap na bagay na ipagagawa sa kanila. Ang mga naniwala na sila ay mga “haligi ng Iglesia,” na nasanay sa

pagtatamasa ng mga pakinabang at pribilehiyo ng mga piling tao, sila ang makakaranas ng pinakamahirap na hamon.

Ilan ang tutugon ng negatibo – bibigay – katulad ng ginawa ng maraming mga kapatid at mga ministro na naki-ayon sa mga huwad na pagtuturo ng apostasiya? Sa huli, sinabi ni Jesus na ang mga pinakahinirang ay malililang, kung maaari. *“Sapagkat may magsisilitaw na mga huwad na Cristo, at mga huwad na propeta, at magpapakita ng mga kahanga-hangang palatandaan at mga kababalaghan; kaya nga, kung maaari, **malililang nila kahit ang mga hinirang.*** (Mateo 24:24) Sadya ba tayong mapangahas para ipagpalagay na hindi maaaring mangyari iyon sa atin?

Ang Mapagpanggap na Iglesia ng Dios

Ang Nobyang pakakasalan ay dapat seryosong hinaharap ang responsibilidad ng paghahanda sa kanyang sarili – at hindi lang pakitang-tao. Tayo ay sasagot kay JesuCristo – hindi kanino pa man. Pagdating sa doktrina at kaunawaan sa Biblia, binigyan tayo nito ng higit kaysa kaninong tao sa kasaysayan. Napakadaling maging mayabang at mapagmataas sa pag-iisip at sabihing, “Nakahihigit tayo sa iba.” Ngunit hindi iyon ang tamang tugon sa maraming pagpapala na ibinigay sa atin. Sinabi ni Jesus, “*Ang sinomang binigyan ng marami ay marami ang hihingin sa kanya.*” (Lucas 12:48) Isipin natin kung gaano tayo pananagutin ng Dios sapagkat nasa atin ang kabuuan ng Salita ng Dios; alam natin at nauunawaan ang plano ng Dios; mayroon tayong kalayaan at paraan upang maipagdiwang ang mga Banal na Araw; mayroon tayong pribilehiyo na ipangilin ang lingguhang Sabbath at ang taunang Pascua; at tayo ay patuloy na binubusog ng mabubuting babasahin at mga pangangaral na nagpapaliwanag sa mga Kasulatan.

Mapagmataas na ang Iglesia ng Dios, at hindi nagpapakumbaba at nagkakaisa – ni hindi tinutupad ang huling kahilingan ni Jesus – *Ama nang sila ay maging isa.* (Juan 17) Mananagot tayo kay Cristo kung mabigo tayo na gawin ang lahat ng maaari upang matamo ang pagkakaisa sa lahat ng mga tunay na Kristiyano. “*Ang mga bagay na ito ay, para sa inyong kapakanan... isinulat ko, upang walang sinoman sa inyo ang maging mapagmataas ang isa laban sa isa.*” (1 Mga Taga Corinto 4:6) Isinulat ni Pablo ang bersikulo na iyon sapagkat may umiiral na pagmamataas sa mga kasapi na nagsasabi, “Ang aming grupo ay ang pinakamagaling, at hindi kami maaaring gambalain upang tumulong sa isang kapatid mula sa ibang pangkat patungong Kaharian ng Dios.”

Walong beses sinabi sa mga Kasulatan na ang Dios ay hindi **nagtatangi ng tao**. “*Ang Dios ay hindi nagtatangi ng mga tao.*” (Mga Taga Roma 2:11) Hindi rin tayo maaaring magtangi ng mga tao. Ito ay isa pang mapanganib na katangian ng Iglesia ng Dios na kailangang iwasan ng Nobya. Ito ay nakikita sa mga tao na may pananaw na sila lamang ang pinili ng Dios upang maging mga “hinirang.” Nagraron sila na tama ang ginawa nilang desisyon sa tamang panahon na sumama sa tamang grupo. At, sapagkat nakakaseguro sila ng kanilang eksklusibong kaugnayan sa Dios, ginagawa nilang priyoridad na hikayatin ang iba na sumama sa kanila – at tinatanggihan nila o kinasusuklaman ang mga ayaw sumali sa kanila.

Ang mga taong iyon na nagiisip na sila lamang ang minamahal ng Dios dahil sa nagtataglay sila ng ilang kakaibang kaunawaan ay hindi nakikita ang sarili nilang kahinaan at kahambugan. Ipanalangin natin na maunawaan ang awa at kaisipan ni Cristo.

Ang Nobya ay Humahatol ng Tama

Tayo ay binigyang babala na huwag maging mapanghusga at walang pakiramdam sa mga taong kulang sa kakayahan o impluwensya, o mababa ang pinag-aralan kaysa sa iba. Hindi rin tayo dapat **tumatangi ng mga tao** sa pamamagitan ng mas mabuting pagtrato sa mga mayayaman, magaling magsalita, mahusay sa politika, sanay makisalamuha sa mga tao, habang hindi pinapahalagahan ang mga walang kaya sa buhay. Ang huli ay ang mga potensyal na Nobya ni Cristo sa Kaharian ng Dios (1 Mga Taga Corinto 1:27).

*“Mga kapatid ko, yayamang mayroon kayong pananampalataya ng ating Panginoong JesuCristo, ang Panginoon ng kaluwalhatian ay huwag **magtatangi sa mga tao**. Sapagkat kung may dumating sa inyong pagtitipon-tipon na isang taong may singsing na ginto, may magandang kasuotan, at may dumating din isang dukha na may damit na hamak, at **tratuhin ninyo ng mabuti** ang may magandang kasuotan, at sabihin sa kanya, Maupo ka rito sa dakong mabuti; at sa dukha ay inyong sabihin, Tumayo ka riyan, o maupo ka sa ibaba ng aking tungtungan: Hindi бага kayo’y **nagkakahati-hati sa inyong sarili**, at nagigiking mga hukom na may masasamang pag-iisip? Makinig kayo, mga minamahal kong kapatid, hindi бага pinili ng Dios ang mga dukha ng sanlibutan mayaman sa pananampalataya, at mga tagapagmana ng Kaharian na ipinangako Niya sa mga nagmamahal sa Kanya? Ngunit hinamak ninyo ang mga dukha.”* (Santiago 2: 1-6)

Malinaw man ang pagtuturo na ito sa Kasulatan, binibigyang katwiran pa rin ng mga tao ang pagkakahiwalay sa ibang mga kapatid. – at ito ay maliwanag at simple – pagkakahati-hati sa Iglesia. *“Nahahati ba si Cristo?”* (1 Mga Taga Corinto 1:13) Talagang hindi! Hindi Siya nahahati – iyon ang punto – ngunit may mga balakid ngayon na humahadlang sa mga kapatid na abutin ang ibang mga kapatid sa ibang organisasyon. Huwag ninyong ipagkamali – hindi babalik si JesuCristo sa watak-watak na pangkat ng mga iglesia. **Iisa** lamang ang **Nobya** ni JesuCristo – na binubuo ng lahat ng mga kapatid na pinapatnubayan ng Banal na Espiritu ng Dios.

Ang isang punto na ito sa mga tagubilin ng Dios – *huwag magbigay ng mas mabuting pagtrato* – ay binabalewala ng marami, at maaring maging sanhi para hindi tayo maging karapat-dapat na maging Nobya ni Cristo. Ipinapakita ni Santiago na hindi tayo dapat naglalagay ng mga linya ng paghahati-hati sa pagitan ng mga kapatid. *“Kung inyong tuparin ang makaharing kautusan na ayon sa Kasulatan, Mahalin mo ang iyong kapwa na gaya ng sa iyong sarili, mabuti ang ginagawa niyo: Datapwat kung kayo ay **nagtatangi ng mga tao**, kayo ay nagkakasala, at nahahatulan ng batas bilang mga suwail. Sapagkat ang sinomang gumaganap ng buong batas, ngunit magkasala sa isang punto, ay may sala sa lahat.”* (Santiago 2:8-10)

Aminin natin na ang espiritu ng pagpapartido sa iglesia na nakikita natin sa lahat ng ating paligid ay mali. Ang espiritu ng pagpapartido ay ang naghahati na mga pangkat sa loob ng Iglesia na hindi ginagalang ang katotohanan na ang Dios ay sama-samang tinatawag ang **malawak na spectrum** ng sangkatauhan upang maging Kanyang mga anak na lalaki at babae. Ano ang gagawin natin sa suliraning ito? Ang kasagutan ay dapat tayong maging instrumento sa paghilom ng pagkakasira. Manindigan! Kilalanin ninyo ang mga kapatid na lalaki at babae na nasa ibang grupo sa palibot ng mundo – na may tamang relasyon sa Dios – at bumuo ng ugnayan sa kanila.

Itaguyod muli ang pakikisama sa lahat ng mga kapatid. Malulugod si JesuCristo. Inihahayag sa Biblia na kailangang mag-ingat ang mga kapatid sa maraming huwad na ministro – hindi sila nag-ugat at itinatag kay JesuCristo. Magkaroon kayo ng lakas ng loob na gawin ang hinihiling ni

Cristo. Ang tungkulin natin ay hindi para hanapin ang isang organisasyon na lubos na ikinalulugod ni Cristo – sapagkat hindi mo iyon makikita dito sa lupa ngayon. Ang misyon ng bawat tunay na Kristiyanong ay matatag na pagkapit kay JesuCristo.

Ang Inaasahan ni Cristo sa Kanyang Nobyang Pakakasalan

Sa panahon na dapat mayroon tayong nakikitang kapayapaan, pagkakasundo, at pagkakaisa sa mga kapatid – masdan kung ano ang ating makikita sa Iglesia ng Dios. Makikita natin ang malaking pagtatalo sa mga ministro; makikita natin ang mga ministro na ipinipikit ang mga mata sa mga maling gawain sa pagliligawan; makikita natin ang mga pag-aasawa na labag sa batas; at halos wala tayong makitang pagkilos tungo sa pakikipagkasundo sa isa't-isa ng iba't-ibang grupo ng iglesia. Ang masamang gawain ay maliwanag sa Dios at ito ay malinaw na hindi pagmahal sa mga tagubilin ng Dios, at hindi paggawa sa mga ito. *“Hawakan mo ng mahigpit ang turo; huwag mo siyang bitawan: iyong ingatan; sapagkat siya ay iyong buhay. Huwag kang pumasok sa landas ng masama, at huwag kang pumunta sa daan ng masamang tao.”* (Mga Kawikaan 4:13-14)

Tayo ay mabilis na nauubusan ng oras na kailangan ng Nobya upang maging kalugod-lugod sa paningin ng Dios. Hindi magtatagal darating ang araw na magiging huli na upang gumawa pa ng anumang bagay liban sa pagsisisi sa banig ng kamatayan – at hindi iyon ang kalooban ng Dios. Ang Kanyang kalooban ay na tayo ay maging walang sala sa Kanyang paningin sa lahat ng oras. *“[Ang Dios] ay itataguyod rin kayo hanggang sa katapusan, upang kayo’y maging walang sala sa araw ng ating Panginoong JesuCristo.”* (1 Mga Taga Corinto 1:8)

Sa katulad na paraan na ang ating mga inihalal na opisyal ng bansa ay nakatayo lamang habang ang ating mga karapatan sa Konstitusyon ay niyuyurakan – ang ating mga matagal nang pinuno ng Iglesia ay nakatayo lang din at walang ginawa habang ang isang huwad na propeta ay pinalitan ang doktrina ng Iglesia ng maling paniniwala – pinasimulan ang teribleng apostasiya sa mga tao ng Dios. Ano ang dapat ginawa sana ng mga ebanghelista at mga nangungunang pastor? Dapat nagkaroon sila ng tapang na manindigan sa Katotohanan at prinotektahan ang kawan – ngunit nahulog sila sa patibong – patibong na sarili nilang kagagawan. Dapat natuto sila noong una pa kung paano harapin ang mga naliligaw na ministro katulad ng ginawa nila sa mga naliligaw na mga kasapi – ngunit kadalasan ay nagbulag-bulagan sila – pinalampas nila ang mga kalabisan ng ilang mga ministro. Bunga nito ay ang mga ebanghelista at nangungunang pastor ay naging kasabwat sa pagkakahiwalay ng mga kapatid. **Mas mataas** doon ang **inaasahan** ni Cristo.

Dapat sana ay nagtulong-tulong ang mga ebanghelista at nangungunang pastor sa pagdepensa sa ating pananampalataya. Dapat ay lumusong sila sa opisina ng impostor at trinangka ang pinto – at inilabas siya sa lansangan. May sapat na batayan upang siya ay mapalayas – una, aminado siya na siya ay lumalabag sa Sabbath! Walang nagkaroon ng lakas ng loob na manindigan upang itiwag ang kasuklam-suklam na erehe. Ipanalangin natin na ang mga ministro na iyon, na naging pabaya sa pangangalaga sa mga kapatid sa Iglesia at sa pagtatanggol ng totoong doktrina, ay magsisi sa kanilang mga pagkukulang upang ang kamaliang tulad nito ay hindi na mangyaring muli. Ang mga ministro na nagpatuloy sa ganitong gawi ay **hindi nahahanda na magturo** sa mundo ng panahong darating.

Ano ang Kinakailangan ng Panginoon sa Kanyang Nobya?

Iyon ang ating malungkot na kasaysayan. Kamusta naman sa kasalukuyan? Ang mga pagsusulit at pagsubok ng mga tao ng Dios ay hindi pa tapos. Sa ngayon, ang Iglesia ay mahina at watak-watak. Ito na ang panahon ng huling pagsubok. Ano ang gusto ni Cristo na gawin natin? Ano ang kinakailangan ng Panginoon sa Kanyang Nobya? Iyon ang katanungan na dapat masagot natin ng tama. Ginagawa ni Cristo ang kanyang bahagi. Salamat sa Dios sa Kanyang walang hanggang karunungan sa pakikitungo Niya sa bawat isang indibidwal na anak na tinawag Niya. Ang ating relasyon sa Dios Ama, ang pagkakaroon ng pananampalataya ni JesuCristo, at ang ating pagmamahal sa ating mga kapatid kay Cristo ang dapat na pangunahin nating prayoridad. Ang ating relasyon sa Dios na hinihimok ng Espiritu ay ang pinakabatayan ng ating *paglilingkod* sa mga kapatid. Sa *paglilingkod* tayo ay nahahanda upang maging Nobyang pakakasalan.

Palaging Isang Abay, Hindi Isang Nobya

Ano ang mangyayari kung hindi tayo naghahanda? “Palaging isang abay, hindi isang nobya” ay isang kasabihan na dinadaing ng ilang mga dalaga kapag nagninilay-nilay sila kung bakit tila ba hindi sila nagiging nobya na pakakasalan sa altar. Maari kayang dahil sa hindi nila sinunod ang tamang payo sa kanilang **paghahanda upang maging nobya na pakakasalan?**

Ang mga manunulat ng Bagong Tipan ay kinailangang patuloy na tugunan ang isang seryosong problema na nakakaapekto sa Iglesia ng Dios. Mga mangangaral na pinaniniwala tayo na sila ay mga tunay na ministro ni JesuCristo, habang **nililigaw ang mga kapatid** sa pamamagitan ng pagsalita sa mahihinang kasapi ng iglesia kung ano ang eksaktong gusto nilang marinig – sa halip na kung ano ang kailangan nilang marinig. Sasabihin ng ilang mga tao, “Hindi na iyon maaaring mangyari ngayon – matutukoy kaagad namin ang isang impostor.” Hindi iyon totoo sapagkat mahirap matukoy ang isang huwad na ministro. “*Ang mga gayong tao ay mga huwad na apostol, mga mandarayang manggagawa, na nagkukunwari na mga apostol ni Cristo. At hindi kataka-taka; sapagkat si Satanas man ay nagkukunwaring anghel ng kaliwanagan. Kaya hindi malaking bagay na ang kanyang mga ministro ay nagkukunwari na waring mga ministro ng pagkamakatwiran; na ang kanilang wakas ay masasang-ayon sa kanilang mga gawa.*” (2 Mga Taga Corinto 11:13-15)

Kaya isinama ng Diyos ang mga bersikulo na ito sa kadahilanan na ang mga kapatid ngayon ay inaakay sa malubhang kamalian ng mga huwad na ministro – **ito ay nangyayari!** Ang Nobya ay magkakaroon ng espiritwal na pagwawari upang makabatid sa pagitan ng mga huwad at totoong ministro ni JesuCristo. Sa mga salita ni Pedro, ito ang mga ginagawa ng mg huwad na mangangaral: “*Sapagkat kapag sila’y nagsasalita ng mga kapalaluan na walang kabuluhan, ay umaakit sila sa masasamang pita ng laman, walang pakundangan, ang mga malinis ay nagsitakas sa mga namumuhay sa kamalian. Pinangakuan sila ng kalayaan, samantalang sila mismo ay mga alipin ng kabulukan: sapagkat ang taong nadaig nila, ay nagiging alipin nila.*” (2 Pedro:18-19)

Sa pag-uulit ng mga salita ni Pedro, malinaw na sinabi ni Pablo kung ano ang ginagawa ng ilang ministro, “*Sapagkat ang mga gayon ay hindi nagsisipaglilingkod sa Panginoong JesuCristo, kundi sa kanilang sariling tiyan; at sa pamamagitan ng kanilang mabubuting pananalita at mainam na mga talumpati ay dinadaya ang mga puso ng mga walang malay.*” (Mga Taga Roma 16:18) Ang kahulugan ng “*Pinaglilingkuran ang kanilang sariling tiyan,*” ay ang ministro ay iniisip ang kanyang sariling kapakanan – ang kanyang kinabukasan, ang kanyang pagreretiro, at ang kanyang katayuan sa kaniyang organisasyon. Ipinaliwanag pa ni Pablo na maaaring **mawala** tayo sa katotohanan. “*Datapwat ngayon, na matapos ninyong makilala ang Dios, o ang lalong mabuting sabihin, kayo’y nangakikilala ng Dios, bakit muling nagsisibalik kayo sa mga mahina at mga walang kwentang bagay, kung saan ninanasa ninyong magbalik sa pagkaalipin?*” (Mga Taga Galacia 4:9) Ang mga kapatid, na minsan nang tinakasan ang mga kahibangan ng mundo, ay bumabalik muli sa likas na pakawalang lipunan – sumusuko sa katiwalian; muli nilang makikita ang kanilang mga sarili sa **pagkaalipin sa kasalanan.**

Inuuna ng Nobya ang Dios

Sa mga naghahanda na maging **Nobyang pakakasalan ni Cristo**, kailangan nilang maging maingat at tanungin ang mga katanungan na ito upang hindi sila magkaroon ng pagkukulang. “Ang akin bang ministro ay itinatag sa ebanghelyo ni JesuCristo, o siya ba ay nag-aalangan sa pagitan ng Dios at ng korporasyon? Nasaan ba ang aking tunay na katapatan? Ilan ang nagkakamali sa pagiging tapat sa organisasyon ng Iglesia sa halip na maging tapat sa Dios at sa Kanyang Salita? Iyon ay katulad na rin ng **espiritwal na pangangalunya** na magiging sanhi upang **mapawalang-karapatan ang Nobya**. Ang Nobya ay inuuna sa kanyang buhay si JesuCristo at ang Kanyang mga paraan.

Tanungin natin ang ating mga sarili, “Ako ba ay una sa lahat isang Kristiyano, o ako ba ay nasa Iglesia sapagkat ito ay isang magandang lugar kung saan matutupad ang aking personal na adyenda?” Binigyang babala tayo ni Jesus tungkol sa mga taong “nangangaral tungkol kay Cristo” habang nililinlang ang maraming tao. “*Sumagot si Jesus at sinabi sa kanila, Mag-ingat kayo na huwag kayong malinlang ninoman, sapagkat **marami** ang magsisiparito sa aking pangalan, na magsasabi, “Ako ang Cristo,” at malilinlang ang marami.*” (Mateo 24:4-5). Nabanggit ni Cristo ang tungkol sa mga maraming huwad na ministro – nasaan sila ngayon?

Paulit-ulit na inalerto ang magiging Nobyang pakakasalan sa pamamagitan ng mga babala sa Biblia na mag-ingat sa mga tao na maaring iligaw siya at maging sanhi upang siya ay matakwil. “*Sapagkat may ilang tao na nagsipasok ng lihim, yaong mga itinalaga nang una pa sa kahatulang ito, **mga makasalanang tao**, na pinalitan ng kahalayan ang biyaya ng ating Dios, na ipinagkakaila ang tanging Panginoong Dios, at ang ating Panginoong JesuCristo... Ang mga ito ay mapagbulong, mga mareklamo, na nagsisilakad ayon sa kanilang masasamang pita; at ang kanilang bibig ay nagsasalita ng mga pagmamataas, nagpapakita ng paghanga sa mga tao dahil sa pakikinabangan.*” (Judas: 4, 16) Ang ibig sabihin ng “*Pinapalitan ng kahalayan ang biyaya ng ating Dios,*” ay mayroong mga bagay na ipinapahintulot sa iglesia – sa gawain at panlabas na anyo – na imoral sa mata ng Dios.

Ang mga bersikulo na ito ay nagsasabi na ang ilang ministro na may karisma ay tuso sa paglalarawan ng kalabisang pagnanasa ng mga kasapi sa pamamagitan ng pagsamo sa kanilang hamak na pandama ng tao. Ang isang impostor na ministro ay babaluktutin ang kahulugan ng Salita ng Dios upang maging kalugod-lugod sa mas mababang kalikasan ng tao sa pamamagitan ng pagbigay ng pagdadahilan tulad ng – “Maging totoo ka sa iyong pagkatao – Mauunawaan ng Dios – Hindi ka katulad ng iba – Magpapatawad ang Dios – Alam ng Dios ang nasa puso mo.” “*Sapagkat ang mga gayong tao ay mga huwad na apostol, **mapanlinlang na manggagawa**, nagkukunwari na mga apostol ni Cristo.*” (2 Mga Taga Corinto 11:13)

Ang **mapanlinlang na manggagawa** ay ginagawa ang kanyang trabaho, habang nalalaman niya na ang ilang tao ay naghahangad ng pagtaas ng ranggo o na sila ay kilalanin– tulad ng pagkilala sa kanila mula sa pulpito, pagtaas ng posisyon nila sa kongregasyon, paggalang ng mga kapatid, o makalapit sila sa mga piling kaibigan ng ministro. Sapagkat ang kalapastanganan na ito ay nangyayari sa loob ng kongregasyon ng Iglesia, kinagawian ng ilang kasapi na hindi mag-ingat at nangyayari ang di-inaasahan.

Ang mga ministro ay nagiging huwad na ministro, hindi lang dahil sa huwad na doktrina, kundi kapag kinokompromiso nila ang Salita ng Dios para sa kanilang politikal na kapakinabangan. Ignorante sa tunay na kalikasan ng ebanghelyo – maari nilang abusuhin ang mga kapatid. Ang pagtrato ng masama sa isang kasapi ay nangyayari kapag may salungatan sa pagitan ng pagsunod sa mga prinsipyo ng Dios sa isang banda, at pakikisama sa politika ng korporasyon sa kabilang banda. Naghahangad na makakuha ng pabor sa mga nasa punong-tanggapan, ang ministro ay binabalewala ang kasapi. Pinapaunlad nila ang kanilang karera sa halip na pinaglilingkuran ang mga tao ng Dios na ayon sa patnubay ng Biblia. Hindi nila tinuturuan ang mga kapatid na tumingin sa Dios – kundi sa kanilang mga sarili. Ang ganoong uri ng huwad na ministro ay naghahangad ng katapatan sa kanyang sarili – hindi sa Dios. Isang babala – mag-ingat sa pakikisama sa mga politikal na ministro.

Mga Tagapaglingkod ni JesuCristo

Ang mga totoong ministro ni JesuCristo ay nangangaral na nakapaloob sa tunay na Kristiyanismo ang buhay ng mga pagsubok, pagkakait sa sarili, paghihirap, pagpapakasakit sa sarili at mahirap na gawain – at bawat iba pang bunga ng Espiritu ng Dios. Si Jesus ay nagbigay nang nagbigay hanggang sa ibinigay Niya ang lahat. Iyon ang halimbawa Niya sa atin ng kung ano ang tunay na ministro. Huwag niyong tanggapin ang kapalit na ministro – at iwasan niyo ang mga kapalit sa tunay na relihiyon. Kapag ang ministro niyo ay sabihan kayo na umiwas sa pakikisama sa mga kapatid mula sa ibang organisasyon – magkaroon kayo ng espiritwal na kahustuhan ng pag-iisip upang makita ang kanyang pagkakamali, at **hamunin siya** kaagad batay sa doktrina. Alalahanin niyo na ang iyong ministro ay kapatid niyo rin kay Cristo, at mayroon din kayong obligasyon na tulungan siya patungo sa Kaharian ng Dios katulad ng ginagawa niyo sa iba pang mga espiritwal na mga kapatid.

Ang Nobya ay hindi makakarating sa Kaharian ng Dios dahil lamang sa pagbabayad ng ikapu, pagsunod sa mga kautusan, at mga batas sa pagkain. At hindi rin sapat na ginagawa lamang “Ang

Gawa” sa buong mundo. *“Kapag nagawa na ninyo ang **lahat ng mga bagay** na sa inyo’y inutos, inyong sabihin, Kami ay **mga lingkod na walang pakinabang**: Ginawa namin ang katungkulan namin gawin.”* (Lucas 17:10) Narito tayo upang ibalik sa ayos ang mga bagay, at tulungan ang mga Kristiyano na magkasama-samang muli. Magagawa natin iyon sa pamamagitan ng paglilingkod sa Dios at sa tao. Isang bahagi ng ating katungkulan ay paghilumin ang mga sugat ng mga nasaktan, at ng mga natatakot na masaktan muli. Kung tayo ay magiging isang **Nobyang nakahanda**, kinakailangan ni Jesus ang ating pagiging totoo, pagkamatapat, at taos-pusong relasyon sa Dios at sa ating kapwa Kristiyano.

Pagmamahal at Pag-aasawa

Sa parehong paraan na ang pagtataksil sa pagmamahal ay ang pinakamasakit sa lahat ng posibleng masakit – ang maka-Dios na karakter ay ang pinakamaganda sa lahat ng mga katangian ng Nobya. Ang pinaka-marilag na katangian na ito na maka-Dios na karakter ay inilarawan bilang *purong ginto na dumaan sa apoy* (Apocalipsis 3:18). Ang pagmamahal ni Cristo sa Kanyang Nobya at ang buong-pusong pagmamahal ng Nobya kay Cristo ay isang ganap na **espiritwal na pagmamahal**. Tulad ng paglikha ng Dios ng isang asawa para kay Adan, Kanya ring binubuo ang Kanyang magiging Nobya. *“Sinabi ng Panginoon, Oo, minamahal kita ng walang hanggang pagmamahal: kaya sa kagandahang-loob ikaw ay kinayag ko. Muling itatayo kita, at ikaw ay mabubuo, O birhen ng Israel: muli kang magagayakan ng iyong mga pandereta...* (Jeremias 31:3-4)

Sa kabuuan, mula sa panahon ng paglilikha hanggang sa ngayon, ang pagmamahal sa pagitan ni JesuCristo at ng sangkatauhan ay naging sarilinan. Ang isang-panig na pagmamahal na iyon ay magiging isang pagmamahal na magkatumbas na ibabahagi kapag ang perpektong Nobya ay nasa espirital na kahustuhan sa muling pagkabuhay. Hindi na si Jesus lamang ang magkakaroon ng natatanging maka-Dios na **pagmamahal para sa Kanyang pakakasalan**, sapagkat sa wakas siya ay magtataglay ng kakayahan upang matumbasan iyon ng kapwa pagmamahal na walang hanggan.

Paano magtataglay ng ganoong antas ng maka-Dios na pagmamahal ang Nobya? Halos lahat ay nagsasabi na minamahal nila ang Dios, ngunit mayroon pang isang kinakailangan – **pagmamahal sa iba** – hindi iyon gaanong nabibigyan ng tamang pansin. Pansinin niyo kung paano sinabi iyon ni Jesus. *“Mahalin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pag-iisip mo, at ng buong lakas mo: ito ang unang kautusan. Ang pangalawa ay ito, Mahalin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili. Walang ibang kautusan ang hihigit sa mga ito.”* (Marcos 12:30, Levitico 19:18)

Marahil sang-ayon ang lahat na hindi tayo kasing-tigas ng puso ng abogado na binigay na halimbawa sa Biblia na gustong limitahan ang bilang ng mga tao na kinakailangan niyang mahal sa pamamagitan ng pagtanong kay Jesus, *“Sino ang aking kapwa tao?”* (Lucas 10:29) Inihayag ni Jesus ang isang mahalagang konsepto sa atin na nagpapaliwanag na kung tunay nating hinahangad na linangin ang pagmamahal sa Dios – magsasanay muna tayo sa maka-Dios na **pagmamahal sa isa’t-isa**. Ang Nobya ay hindi nahahanda kapag ang karamihan ng mga kapatid ay ayaw makipag-ugnayan sa isa’t-isa sa makahulugan na paraan. Personal para kay Jesus ang

pagmamahal sa kapatid! Itinutumbas Niya ang maka-Dios na pagmamahal sa pagmamahal sa kapatid kapag sinasabi Niya na kung **walang pagmamahal sa kapatid** ay walang maka-Dios na pagmamahal.

“Sasagot ang Hari at sasabihin sa kanila, Tunay na sinasabi ko sa inyo, Yamang ginawa niyo ito sa isa sa pinakamaliit sa aking mga kapatid, ay sa Akin ninyo ginawa... [at sa kabaligtaran] Pagkatapos ay sila’y sasagutin Niya, na sasabihin, Tunay na sinasabi ko sa inyo, Yamang hindi ninyo ginawa sa isa sa maliliit na ito, ay hindi ninyo ginawa sa Akin.” (Mateo 25:40, 45) Ang kaugnayan natin sa isa’t-isa ay ang susi para malaman kung paano tunay na mahal ang Dios. Sinasabi sa atin ng bersikulong ito na ang pagmamahal sa isa’t-isa sa ngayon ay ang pagkakataon upang magsanay para malaman kung paano magkaroon ng tamang relasyon sa Dios. Hindi natin maaring mahal ang Dios kung **hindi natin tunay na minamahal ang mga kapatid**, at bisebersa; ang **tamang relasyon sa Dios** ay ang unang kailangan para mahal ang mga kapatid. Ang pagmamahal sa Dios at sa Kanyang batas ay ang pundasyon kung saan ay itatayo natin ang bawat isa sa ating mga tamang relasyon sa buhay.

Isang Mensahe ng Babala

Ito ay isang taimtim na mensahe ng babala para sa magiging Nobyang pakakasalan. Hindi pa tayo talaga nahahanda para sa espirital na pagpapakasal kay Cristo kung tayo ay mga **tagamasid na walang ginagawa** sa halip na mga positibong pwersa para sa kabutihan sa buhay ng mga kapatid. Ang payo ng Dios sa atin, *“Ikaw nga’y magsikap at magsisi.”* (Apocalipsis 3:19) Pasalamat tayo at binigyan tayo ng Dios ng karagdagang panahon upang dinggin natin ang Kanyang tahasang utos sa atin na ayusin ang nagwawalang-bahala, walang sigla at matamlay na kalagayan ng karamihan sa Iglesia.

Ang pinakamahalaga nating layunin bilang espirital na pamayanan ng Dios ay tulungan ang isa’t-isa marating ang Kaharian ng Dios. Hangga’t maaari sa pamamagitan ng tamang paggamit ng ating mga espirital na kaloob, dapat natin tulungan ang iba na makamit ang kanilang lubos na potensyal sa Kaharian ng Dios. Natututunan natin ngayon kung paano sabihin sa Milenyo, *“Ito ang daan, lakaran ninyo”* (Isaias 30:21). At hindi lamang ito trabaho ng ministro – **tungkulin ito ng lahat!** Tuwing Pascua, tinuturuan tayo sa pamamagitan ng seremonya ng paghuhugas ng paa ang pangangailangang *pangkaligtasan* na paglingkuran ang isa’t-isa. Ang paghuhugas ng paa ay tungkol sa pagmamahal sa ating kapwa tulad ng ating mga sarili. Sa paghugas ng mga paa ng isa’t-isa, ang bawat kasapi ay pinapaalalahanan na bantayan ang espirital na kalagayan ng kanilang mga kapatid kay Cristo, at kumilos kapag ang sinoman ay magsimulang madapa. Kapag ginawa natin ito – sabi ni Jesus ay ginawa rin natin sa Kanya.

Unawain ninyo ito: Isang maka-Dios na pagkilos ang pagsabihan ang nagkakasala. Ang mapagmahal na pangangaral ay maaaring magligtas sa kanyang walang hanggang buhay. Isang **kaduwagan** ang magpikit ng mga mata kapag nagkakasala ang isang tao. Karaniwang mali na pakahulugan ay kailangan lang natin bantayan ang ating sariling espirital na kapakanan. Hinihiling ng Dios sa mga magiging Nobya ang pakikipag-ugnayan sa kapatid. *“Huwag tingnan ng bawat isa ang sa kanyang sarili, kundi ang bawat isa ay tingnan rin **ang sa iba.**”* (Mga Taga Filipos 2:4) Si Jesus ay tahas sa pakikitungo sa mga nagkakamali – tayo rin dapat. *“Mga kapatid, kung sinoman sa inyo ay nalilihis sa katotohanan, at siya’y papagbaliking-loob ng sinoman; Alamin nito na ang **nagpapabalik-loob ng isang makasalanan** mula sa maling daan niya ay magliligtas ng isang kaluluwa sa kamatayan, at magtatakip ng maraming kasalanan.”* (Santiago 5:19-20) Ang pagliligtas sa makasalanan sa ganitong paraan ay nagdadala ng pagbubunyi sa langit (Lucas 15:7)

Ang Pagmamahal ng Dios ay Nagiging Sakdal

Sinabi ni Solomon na kapag ang pagmamahal ay umusbong sa pagitan ng isang binata at isang dalaga, ito ay halos hindi maipaliwanag – sila ay hindi nagsanay para doon; hindi nila pinag-aralan iyon; hindi nila ito binalak; ni hindi ni alam na ang pagsinta ay darating. Tila ba ang kanilang pag-iibigan ay biglang lumitaw mula sa wala. Napagmuni-muni ni Solomon na ang ilang mga bagay ay sadyang kataka-taka upang matarok –at isa doon ay ang magandang romantikong pag-iibigan na nabubuo sa pagitan ng isang binata at isang dalaga.

Gayunpaman, ito ay naiiba sa pagmamahal ng Nobya para kay Cristo. Ang maka-Dios na pagmamahal ay hindi nangyayari ng hindi inaasahan! Ang maka-Dios na pagmamahal ay espirital at walang hanggan – ito ay nagmumula sa Dios. Ang Dios ang nagbibigay-daan para mahal natin Siya. Tinawag ni Juan ang pansin ng Iglesia tungkol dito, at mabilis niyang idinagdag na sa proseso ng pagmamahal natin sa Dios – hindi maaaring alisin ang pagmamahal sa kapatid. *“Nagmamahal tayo [sa Dios], sapagkat **Siya ang unang nagmamahal sa atin.** Kung sinasabi ng sinoman na, Mahal ko ang Dios, at napopoot sa kanyang kapatid, siya ay sinungaling: sapagkat ang sinoman na **hindi nagmamahal sa kanyang kapatid** na kanyang nakita, ay paano niya mamahalin ang Dios na hindi niya nakita?”* (1 Juan 4:19-20)

Napapamahal sa atin ang mga kapatid na nakauugnayan at pinaglilingkuran natin – ang mga tinutulungan natin at ipinagsasakripisyo at ipinagdarasal natin. Natututunan natin makipag-ugnayan sa iba sa paraan na sumasalamin sa espirital na pagmamahal at mga prinsipyo na itinuro ni Jesus. Ang pagmamahal ng Nobya ay isang pagmamahal na lumalago – ito ay nadaragdagan habang ibinibigay niya ang kanyang sarili. *“Mga minamahal, kung tayo’y minahal ng Dios ng gayon, ay nararapat na **mahalin rin natin ang isa’t-isa.** Walang sinoman ang nakakita na sa Dios kailanman. Kung **minamahal natin ang isa’t-isa,** ang Dios ay nananahan sa atin, at **ang Kanyang pagmamahal ay nagiging sakdal sa atin.**”* (1 Juan 4:11-12)

Mahalin ang Isa't-isa

Kung mayroon mang isang kahinaan na nangingibabaw sa loob ng Iglesia ng Dios sa mga huling araw – iyon ay ang pagpapabaya sa pagmamahal sa isa't-isa. Itinuro sa atin ng mabuti ang Batas ng Dios, pero nagkukulang tayo pagdating sa tunay na pagmamahal para sa isa't-isa. Tingnan natin ang pangingibabaw sa Kasulatan ng Bagong Tipan na nagbibigay ng mabuting pahiwatig ng

nakahihimok na pwersa sa mga manunulat nito – sa ilalim ng patnubay ng Banal na Espiritu ng Dios – na magsumamo sa mga kapatid tungkol sa kautusang **pangkaligtasan** na **mahalin ang isa't-isa**. *“Nalalaman natin na tayo’y nangalipat na sa buhay mula sa kamatayan, sapagkat tayo ay nagmamahal sa mga kapatid. Ang hindi nagmamahal sa kanyang kapatid ay nananahan sa kamatayan.”* (1 Juan 3:14)

Ano ang pakahulugan sa Biblia ng **pagmamahal ng Dios tungo sa mga kapatid**? Ang simpleng sagot ay nakikipag-ugnayan tayo sa bawat lalaki, babae, at bata na nakakasalamuha natin ayon sa mga kautusan ng Dios. *“Ito ang pagmamahal, na tayo’y magsilakad ayon sa Kanyang mga Kautusan.”* (2 Juan: 6) Ipinakita ni Pablo na ang konseptong ito ay para sa lahat, lalo na, sa mga nasa Iglesia ng Dios. *“Samantalang tayo ay may pagkakataon, ay magsigawa tayo ng mabuti sa lahat, lalo na sa mga kasangbahay sa pananampalataya.”* (Mga Taga Galacia 6:10) Nilinaw ni Pedro na kailangan ito ay galing sa puso at tapat: *“Yamang nilinis ninyo ang inyong mga kaluluwa sa pagsunod sa katotohanan sa pamamagitan ng Espiritu sa **pagmamahal na hindi pakunwari sa mga kapatid**, ay magmahalan kayo ng taimtim sa isa't-isa na may dalisay na puso.”* (1 Pedro 1:22)

*“Kayo’y palaguin at **pasaganain** ng Panginoon sa **pagmamahal sa isa't-isa**, at sa lahat ng mga tao, na gaya naman namin sa inyo... Datapwat tungkol sa **pagmamahalang kapatid** ay hindi ninyo kailangan na kayo’y sulatan ko: sapagkat kayo rin ay **tinuruan ng Dios na mahalin ang isa't-isa.**”* (1 Mga Taga Tesalonica 3:12, 4:9)

*“Kami ay nararapat na magpasalamat na lagi sa Dios para sa inyo, mga kapatid, gaya ng marapat, dahil sa inyong pananampalataya na labis na lumalago, at **ang pagmamahal** ng bawat isa sa inyo para sa **isa't-isa ay sumasagana.**”* (2 Mga Taga Tesalonica 1:3)

*“Dahil sa nabalitaan namin ang inyong pananampalataya kay Cristo Jesus, at **ang pagmamahal** ninyo sa **lahat ng mga santo.**”* (Mga Taga Colosas 1:4)

*“Sa pagkabalita ko ng **inyong pagmamahal** at pananampalataya para kay Panginoong Jesus, at sa **lahat ng mga santo.**”* (Kay Filemon 1:5)

*“**Magpatuloy nawa ang pagmamahalang kapatid.**”* (Mga Hebreo 13:1)

*“Kung inyong tuparin ang maharlikang batas na ayon sa Kasulatan, **Mahalin mo ang iyong kapwa** na gaya ng sa iyong sarili, ay gumagawa kayo ng mabuti.”* (Santiago 2:8)

*“Ang **nagmamahal sa kanyang kapatid ay nananahan sa liwanag**, at walang pagkakataon sa kanya na siya’y matisod.”* (1 Juan 2:10)

*“Ito ang mensahe na inyong narinig buhat ng pasimula, na **mahalin natin ang isa't-isa.**”* (1 Juan 3:11)

*“Mga minamahal, **mahalin natin ang isa't-isa: sapagkat ang pagmamahal ay sa Dios; at ang bawat nagmamahal ay inianak ng Dios, at nakakikilala sa Dios.**”* (1 Juan 4:7)

*“Ang kautusang ito na mula sa Kanya ay nasa atin, na **ang nagmamahal sa Dios, ay nagmamahal rin sa kanyang kapatid.**”* (1 Juan 4:21)

Minamahal ng Nobya ang mga Anak ng Dios

Tiyak na mamahalin ng Nobya ang kanyang Asawa, si JesuCristo. Alam niya na nanaisin ni Cristo na mahalin niya ng tunay ang lahat ng mga kapatid. Napakalinaw sa mga Kasulatan na ang Nobya ay bubuun ng mga nagmamahal sa lahat ng mga Anak ng Dios. *“Ang sino mang nananalig na si Jesus ay ang Mesias ay inianak ng Dios: at ang **bawat nagmamahal sa Kanya** na nag-anak ay **nagmamahal rin** sa Kanyang inianak. Sa pamamagitan nito’y nalalaman natin na tayo’y **nagmamahal sa mga anak ng Dios**, pagka tayo’y nagmamahal sa Dios, at tinutupad natin ang Kanyang mga kautusan.”* (1 Juan 5:1-2)

Marami pang mga bersikulo na nagpapatotoo sa kahalagahan ng pagmamahal sa isa’t-isa ng maka-Dios na pagmamahal. Malinaw na ito ay konsepto mula sa Lumang Tipan (Levitico 19:18) – na ginawang “bago” ni JesuCristo nang ipinakita Niya kung **paano** natin dapat mahalin ang isa’t-isa. Ang Kanyang “bago” na utos ay tungkol sa kung gaano dapat kalalim ang ating pangako na magmahal sa iba. Ibinigay ni Jesus sa mga kapatid sa Iglesia ang “bago” na panuto nang sinabi Niya, *“Isang **bagong kautusan** ang sa inyo’y ibinibigay Ko, na mahalin ninyo ang isa’t-isa; **TULAD** ng pagmamahal Ko sa inyo, ay mahalin rin ninyo ang isa’t-isa. Sa pamamagitan nito’y malalaman ng lahat ng tao na kayo ay aking mga disipulo, **kung kayo’y may pagmamahal sa isa’t-isa.**”* (Juan 13:34-35)

Makikita natin ang kautusan na ito sa Biblia na madalas inuulit dahil sa lubos na kahalagahan nito. Sinabi ni Jesus, *“Ito ang Aking kautusan, Na mahalin ninyo ang isa’t-isa, **TULAD** ng pagmamahal Ko sa inyo.”* (Juan 15:12)

Sinabi sa atin na tayo ay “magmahal” **tulad** ng pagmamahal ni Jesus. Ano ang ibig sabihin niyon? Paano ipinakita ni Jesus ang Kanyang walang hanggang pagmamahal para sa mga kapatid? Ang sagot ay, Siya ay namatay sa krus upang tayo’y mabuhay – ganoon ang Kanyang pagmamahal! *“Walang may lalong dakilang pagmamahal kaysa rito, na **ibigay ng isang tao ang kanyang buhay** para sa kanyang mga kaibigan.”* (Juan 15:13)

Ito ay sinabi muli ni Jesus, *“Ang mga bagay na ito ay iniuutos Ko sa inyo, **na mahalin ninyo ang isa’t-isa.**”* (Juan 15:17)

Kaya, ang mga magiging Nobya ay **iaalay ang kanilang mga buhay** para sa mga kapatid – gaya ng pag-alay ni Jesus sa Kanyang buhay para sa atin. Ang hindi makaunawa sa lubhang kahalagahan ng **pagmamahal sa mga kapatid** sa pamamagitan ng **pag-aalay ng kanilang mga buhay**, ay hindi magiging bahagi ng Nobya.

Handang Mamatay para sa Iba

Ang Nobya ni Cristo ay literal na handang mamatay para sa iba. Ipagpalagay mo na mayroong isang tao sa Iglesia na alam mong sangkot sa isang garapal na imoralidad – ano ang ating maka-Dios na obligasyon sa kanila? Mayroon tayong tungkulin bilang Kristiyano na makialam sapagkat

ang taong iyon ay patungo sa pagkawala ng kanyang kaligtasan – at tayo ay tagapagbantay ng ating mga kapatid.

Hanggang saan dapat maging handa ang Nobya na magbigay ng pagmamahal na magliligtas ng isang kasapi? Madaling mahal in ang mga kapatid kung maayos ang lahat – ngunit kapag pumasok na ang kasalanan, nagiging mas kumplikado ang magmamahal ng kapatid sa maka-Dios na paraan. Ang mga pagdadahilan at mga katwiran para hindi makialam at maging sangkot ay nagiging laganap. Napakadaling sabihin: “Wala akong kinalaman diyan.” “Ayokong masangkot.” “Hahayaang ko na lang ang mga ministro na ayusin iyon.” “Trabaho nila iyon kaya sila ay binabayaran.” “Hindi ko kailangan ang gulo na kasama ng paglalagay ng aking sarili sa panganib.”

Ito ay isang karaniwang sitwasyon kung saan ang isang Kristiyano ay may pananagutan sundin ang utos ng Dios na **ialay ang kanyang buhay**. Ang personal na pakikisangkot ay maaaring magmula sa kaunting abala hanggang sa paglagay sa panganib ng iyong buhay at reputasyon upang mailigtas ang isang kapatid.

Inaalay ng Nobya ang Kanyang Buhay Araw-araw

Para sa mga seryoso sa mga paalala ni Cristo – maraming mga sitwasyon sa Iglesia ang humihingi ng ating pakikilahok. Kailangan nating maunawaan na ang pag-aalay ng ating buhay ay higit pa sa isang lumilipas na damdamin – may kinalaman ito sa **pagpasan ng ating krus** gaya ng pagpasan ni Cristo ng Kanyang krus. Sa pagpapakita ng mga implikasyon nito sa kaligtasan, “*Sinabi ni Jesus, Kung sinomang tao ay ibig sumunod sa Akin ay tumanggi sa kanyang sarili, at pasanin ang kanyang krus, at sumunod sa Akin. Sapagkat ang sinoman mag-ibig na iligtas ang kanyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinoman **mawalan ng kanyang buhay** alang-alang sa Akin ay mahahanap iyon.*” (Mateo 16:24-25)

Idinagdag pa ni Lucas na kung ikinahihiya natin ang pagsunod sa tagubilin na ito ni Jesu Cristo – ikahihiya Niya tayo sa Kanyang pagbalik (Lucas 9:26). Sa madaling salita, tayo ay hindi na magiging karapat-dapat na maging Nobya sapagkat nabigo tayong ipakita ang tunay na maka-Dios na pag-aaruga para sa isa’t-isa. Kailangan natin tugunan ang espiritwal na pagsaklolo sa isang kapatid na mayroong seryosong kasalanan sa kanyang buhay – hindi ito opsyonal – kundi ito ay iniuutos. “*Mga kapatid, kung ang sinoman ay masumpungan sa isang pagkakamali, kayong mga espiritwal, **ibalik ang iyon** sa espiritu ng kababaang-loob; pagwariin ang iyong sarili, baka ikaw naman ay matukso.*” (Mga Taga Galacia 6:1) Si Judas ay nangusap din tungkol sa pakikialam na may takot upang iligtas ang isang kapatid sa pamamagitan ng “**paghila sa kanila palabas ng apoy.**” (Judas: 23) Kailangan natin silang iligtas.

Kung hindi natin matutunan ang kahulugan ng pag-aalay ng ating mga buhay para sa mga kapatid sa pagmamahal sa Dios, hindi tayo magkakaroon ng bahagi sa Kaharian ng Dios. Malinaw ang mga Kasulatan; kung wala tayong pagkahabag na gawin ang lahat ng ating makakaya upang iligtas ang isang kapatid na nasa panganib – hindi tayo nagtataglay ng pagmamahal ng Dios. “*Dito ay nakikilala natin ang pagmamahal ng Dios, sapagkat **inialay Niya ang Kanyang buhay para sa atin**: at nararapat na **ialay natin ang ating mga buhay para sa mga kapatid**. Ngunit ang sinoman may mga pag-aari sa mundong ito, at **nakikita ang kanyang kapatid na***

***nangangailangan**, at ipagkait ang kanyang awa sa kanya, paanong nananahan ang **pagmamahal ng Dios** sa kanya?” (1 Juan 3:16-17) Ang kasagutan ay, ang pagmamahal ng Dios ay hindi nananahan sa kanya!*

Sa nakaraan, marami sa ating mga kapatid na naniwala na ang ating pananampalataya ay binubuo ng mga seremonya ng pagsunod sa mga ritwal at sulat ng batas, sa halip ng sa espiritu ng batas, na kalakip ang pagiging **mga buhay na sakripisyo** na dapat mangyari. (Mga Taga Roma 12:1). Ang pakikisangkot sa mga delikadong kalagayan alang-alang sa espirital na kapakanan ng isang kapatid ay hindi isang bagay na karaniwang ginagawa.

Isang partikular na mahirap na sitwasyon ang nangyayari kapag ang ministro ay ang may pagkakamali. Paano tutugunan ng isang kasapi ang isang seryosong pagkakasala sa kasong tulad nito? Halimbawa, ano ang dapat gawin kapag ang Pastor ay hindi hinaharap ang nangyayaring pangangalunya sa kongregasyon? Malinaw ang mga pagtuturo sa Biblia kung paano haharapin ng mga kapatid ang ganitong kalaking kasalanan. Ang ministro ay kapatid rin natin kay Cristo – at kailangang harapin ng naaayon. Kailangan niya rin sumunod sa batas. Pansinin niyo ang isang halimbawa sa Bagong Tipan ng pagtulong sa nagkakasala:

Una sa lahat, itinutuwid ni Pablo ang mga kapatid dahil sa kanilang pagmamayabang (isang mapagmataas na saloobin) sa hindi pagharap sa isang nakikiapid. Ang pakikipagtalik bago ikasal o pakikipagtalik sa hindi asawa ay nagbubunga sa isang mapandustang saloobin sa mga kumukunsinti sa ganoong ipinagbabawal na gawain. *“Kalimitang nababalitaan na sa inyo’y may nakikiapid, at ang ganyang pakikiapid ay wala kahit sa mga Gentil, na ang isa ay nag-aari sa asawa ng kanyang ama. At kayo’y mga mapagmataas, at hindi kayo bagkus nagdalamhati, na siyang gumawa nito ay maalis sa inyo.”* (1 Mga Taga Corinto 5:1-2)

Hindi pagiging mapanghusga ang magpalagay na nakataya ang kanyang kaligtasan. Ang taong iyon ay nabubuhay sa kasalanan, at samakatuwid, walang karapatan sa patuloy na pakikisama sa mga kapatid. Siya ay sumusuko sa kanyang makamundong kahalayan, na dapat sana bilang mga Kristiyano ay *ipinako na ang laman kasama ng mga labis na pagnanasa at kahalayan* (Mga Taga Galacia 5:24). [*ipinako ang laman* – ibig sabihin ay pinatay na nila ang ganoong kasalanan sa kanilang mga buhay] Pansinin na iniuutos ni Pablo sa kongregasyon na harapin ang nagkakasalang ito na **gamit ang maka-Dios** na pagmamahal upang tulungan siya – hindi para tuluyang itaboy siya. Ang layon ng paghihiwalay sa kanya sa mga kapatid ay para sa maliwanag na layunin na maibalik ang iyon sa pagsisisi at kaligtasan.

“Sa pangalan ng ating Panginoong JesuCristo... ibigay ang ganyan kay Satanas sa ikawawasak ng laman, upang ang espiritu ay maligtas sa araw ng Panginoong Jesus.” (1 Mga Taga Corinto 5:4-5) Sa madaling salita, ibalik siya sa mundo ni Satanas hanggang sa matutunan niyang daigin ang kanyang pagkamahalay, at magsisi. Ang pagkawala ng pagkakaibigan ay maggaganyak sa kanya upang maibalik sa pakikisama ng mga kapatid. Ipinaliwanag ni Pablo na ang proseso na ito ay hinggil sa malawak na saklaw ng mga kasalanan: *“Ngayo’y sinusulatan ko kayo na huwag kayong makisama sa kanino mang tinatawag na kapatid, kung siya’y mapakiapid, o masakim, o isang mananamba sa isang diosdiosan, o manglalait, o manglalasing, o manlalamang; sa gayo’y huwag kayong makipag-ugnayan.”* (1 Mga Taga Corinto 5:11)

Ang kasalanan ay hindi maaaring lumapit sa presensya ng Dios (Isaias 59:2) – at ganoon din, ang kasalanan ay wala dapat sa kongregasyon ng mga kapatid – ng mga santo – sapagkat sila ay banal sa paningin ng Dios. Kaya ang tagubilin ni Pablo ukol sa bagay na ito ay: *“Kaya alisin ninyo sa inyo ang masamang tao.”* (1 Mga Taga Corinto 5:13) Ang kagandahan sa halimbawang ito ay

ang positibong resulta na natamo sapagkat ito ay napangasiwaan ng tama na ayon sa Salita ng Dios – **sa pagpapakita ng pagmamahal sa isang kapatid** (2 Mga Taga Corinto 2: 1-11). Ang makasalang lalaki ay nagsisi – natutunan niya na kailangan niyang wasakin ang kanyang kamunduhan kasama ng mga kapusukan at kahalayan – at siya’y naging kapaki-pakinabang na kasapi ng kongregasyon muli.

Ang Isang Ministro ay Kapatid Rin

Ang Dios ay hindi nagtatangi ng mga tao – kaya ang aral na ito ay **para rin sa mga ministrong nagkakasala**. Kapag nagkakasala ang isang ministro – mayroong dalawang posibleng mangyari. Una, ang pagdarasal, pag-aayuno, pagtitiyaga, dunong at paglapit sa kapatid (Mateo 18:15-17) ay maaaring magbigay ng matagumpay na kalalabasan – o, ikalawa, ang ministro ay maaaring dalhin ang kongregasyon sa kamalian. Kapag ang huli ang nangyari, ang mga matapat na kapatid ay maaring malagay sa panganib at mapaalis sa Iglesia (3 Juan:10). Isang halimbawa nito ay nangyari sa kaso ni Diotrefes. Hinangad ni Diotrefes ang katanyagan, ang pinakamataas na posisyon sa buong kongregasyon – ibig sabihin ay gusto niya na siya ang maging ministro nila – ngunit siya ay isang huwad na ministro. Nagbigay si Juan ng parehong mga tagubilin na katulad ng binigay ni Pablo: *“Minamahal, huwag kang sumunod sa masama, kundi sa mabuti. Ang gumagawa ng mabuti ay sa Dios: ang gumagawa ng masama ay hindi nakakita sa Dios.”* (3 Juan : 11)

Si Satanas ay tuso, ganoon din ang kanyang mga ministro. Kadalasan ay gusto “lang” nila na ipikit mo ang iyong mga mata sa maling gawain sa Iglesia. Sasabihin nila, “Hindi ka ba pwedeng makisama sa sandaling panahon para sa kapayapaan?” Maari ka rin matukso at sabihin sa sarili mo, “Mabuti ang kapayapaan!” Ang tamang kasagutan ay, “Hindi! Hindi ako magiging bahagi nito kahit isang sandali.” Ang nagkakasalang ministro ay ititiwalag ka kaagad – ngunit sinabi ni JesuCristo na huwag mag-alala.

Hindi nilalagay sa panganib ng nagkakasalang ministro ang iyong kaligtasan kapag pinalayas ka niya sa organisasyon ng iglesia kung ikaw ay matapat na naglilingkod kay JesuCristo. Ang ating kaligtasan ay palaging sa pagitan natin at ni JesuCristo. Sa katunayan, **upang matiyak ang ating kaligtasan**, kailangan nating tulungan ang nagkakasalang ministro na makita ang kanyang kamalian. Nais ni Jesus na maunawaan natin ang mga bagay na ito, kaya sinabi Niya, *“Ang mga bagay na ito ay sinalita Ko sa inyo, upang hindi kayo maniphayo. **Paaalisin nila kayo sa mga kongregasyon: oo, darating ang panahon, na ang sinoman na pumatay sa inyo ay aakalaing gumagawa siya ng paglilingkod sa Dios. At ang mga bagay na ito ay gagawin nila sa inyo, sapagkat hindi nila nakilala ang Ama, ni Ako man.**”* (Juan 16:1-3) Isang karangalan sa mata ng Dios ang matiis ang pag-uusig. *“Ang mga pag-uusig at mga pighati na inyong tinitiis ay mga tandang hayag ng matuwid na paghuhukom ng Dios, upang kayo’y **maging karapat-dapat sa Kaharian ng Dios, na para dito’y kayo’y nagdurusa rin.**”* (2 Mga Taga Tesalonica 1:4-5)

Sino ang Aking Kapatid?

Para sa Nobyang ikakasal, napakahalaga na maunawaan na ganap na kailangan mahalín ang mga taong tinawag ng Dios sa Katawan ni Cristo. Alam natin ang kwento tungkol sa isang abogado na sumuri ng mabuti kay Cristo sa pamamagitan ng pagtanong kung ano ang kailangan niyang gawin upang makapagmana ng walang hanggang buhay (Lucas 10:25). Ibinalik ni Jesus ang katanungan sa kanya sa pamamagitan ng pagtanong sa abogado kung ano ang sinasabi sa mga Kasulatan tungkol sa bagay na ito. *“Sumagot ang abogado at sinabi, Mahalin mo ang iyong Panginoong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong lakas mo, at ng buong pag-iisip mo; at ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili.”* (Lucas 10:27)

Pinagtibay ni Jesus ang Kanyang kasagutan, ngunit nais ng abogado mabawasan ang kanyang sala at nagtanong, *“Sino ang aking kapwa tao?”* Nabigla ang abogado sa kasagutan ni Jesus tungkol sa mabuting Samaritano sapagkat higit ito sa mga tinuturing niya na kapwa tao. Umiiwas siya sa mga tao na hindi sapat sa kanyang pamantayan.

Katulad ng eksaktong dahilan ng abogado sa pagkabigo na gawin ang tama, ang kalakhang Iglesia ng Dios ngayon ay hindi pa nahahanda na maging Nobyang pakakasalan ni Cristo. Katulad ng abogado, maraming mga kapatid sa Iglesia ay nais limitahan ang bilang ng kanilang *dapat* mahalín. Nais nilang paliitin ang sakop sa pamamagitan ng hindi pagsali ng mga tao na sa kanilang paningin ay hindi karapat-dapat. Katulad ng pangangatwiran ng abogado sa kanyang hindi pagsali ng mga Samaritano – ang mga kapatid sa Iglesia ay binigyang katwiran rin ang hindi nila pagpansin sa ilang mga kapatid. Ngunit tinukoy ni Jesus na upang makapagmana ng buhay na walang hanggan, kailangan ay handa tayong maggawad ng maka-Dios na pagmamahal sa isang kapatid – sa bawat tao – hindi lamang sa mga kasama natin sa ating grupo. Malupit na paghuhukom ang darating sa mga kapatid na mahilig makipaglaban.

Ang propetang si Ezekiel ay nagbigay ng nakakatakot na babala sa Iglesia ng Dios ng panahon ng katapusan. Inihahalintulad ang Iglesia sa isang kawan ng mga tupa, isinulat ni Ezekiel ang unang bahagi ng kabanata 34 laban sa mga pastol (mga ministro) at sila’y binatikos dahil sa pagpapalayas nila ng mga tupa (mga kapatid). Ngunit pagkatapos ay inilarawan ni Ezekiel ang hindi pagkakaisa at mapanglait na paghamak sa pagitan ng mga grupo – at sa pagitan ng mga kapatid. Kinagalitan niya ang mga tupa dahil sa kakulangan ng **pagmamahalang kapatid** para sa isa’t-isa. *“Kaya’t ganito ang sinabi ng Panginoong Dios sa kanila: “Masdan, Ako mismo ang hahatol sa pagitan ng matabang tupa at ng payat na tupa. Sapagkat inyong itinulak ng tagiliran at balik, sinuwag ninyo ang lahat ng mahihina ng inyong mga sungay, at **ikinalat sila**, kaya’t Aking ililigtas ang Aking kawan, at hindi na sila magiging biktima; at ako’y hahatol sa pagitan ng **tupa at tupa**. At Ako’y maglalagay ng **isang pastol sa kanila**, at kanyang pakakainin sila, sa makatuwid baga’y ang aking lingkod na si David; kanyang pakakainin sila, at siya ang magiging pastol nila.”* (Ezekiel 34:20-23)

Mga kapatid, makakabuting tayo ay maghanda na **ngayon** para sa panahon na tayo na bumubuo sa Nobya ay magkakaroon ng isang Pastol. Bakit tayo nagiging abala sa pagwawatak-watak at paghahati-hati na samantalang sinasabi ng Espiritu ni Cristo na, *“...hindi Niya ibig na ang sinoman ay masawi, kundi ang lahat ay magsipagsisi.”* (2 Pedro 3:9)

Isang Maringal na Katotohanan

Ang seremonya ng kasal sa ating Iglesia ay nagsisimula sa mga salitang, “Ang matrimonyo ay isang natural na pagsasama, ngunit isang banal na institusyon, na itinalaga ng Dios.” Nilikha ng Dios ang tipan ng matrimonyo, hindi lamang para maging basehan ng kaayusang panlipunan, kundi para rin magpahiwatig sa Kanyang walang hanggang plano. Ang kasal ni Adan at Eba bilang mag-asawa ay ang modelo ng walang hanggang espiritwal na tipan sa pagitan ni Cristo at ng Kanyang Nobyang pakakasalan – ang Iglesia.

Iyong unang kontrata ng kasal sa pagitan ni Adan at Eba ay isang palatandaan sa propesiya ng pangunahing layunin ni Cristo na pumasok sa isang perpektong espiritwal na pagsasama sa lahat ng kasapi sa Kanyang Katawan. Sa Mga Taga Efeso 5, nagsalita si Pablo tungkol sa kung paano ang Nobya ni Cristo at ang Iglesia ng Dios ay iisa at magkatulad. Sa ngayon, inihahanda ni Cristo ang Kanyang **magiging Asawa** para sa araw ng kanilang kasal, “*Upang maiharap Niya sa Kanyang sarili na isang maluwalhating iglesia, na walang dungis, o kulubot, o anomang gayong bagay; kundi nararapat na ito’y maging banal at walang kapintasan.*”

Ang pananalita ay walang dudang matrimonyal sa paghahambing ng pagmamahal ng asawang lalaki sa kanyang asawang babae – sa pagmamahal ni Cristo para sa Kanyang Asawa, “*Kinakandili at minamahal niya, gaya naman ng Panginoon sa Iglesia.*” (Mga Taga Efeso 5:29) Itinatag ng Dios ang pagkamalapit na matatamo sa isang pinagpalang matrimonyo bilang indikasyon ng nangingibabaw na pagkakaisa at kaisahan na makakamit lamang sa espiritwal na dako ng maka-Dios na antas na matrimonyo.

Pagkatapos ay inihayag ni Pablo kung paano ipinapakita sa atin ng Dios sa pamamagitan ng pisikal na buklod ng matrimonyo, ang Kanyang intensyon para sa lahat ng kapatid sa Iglesia na isama kay JesuCristo ng walang hanggan sa isang walang hanggang espiritwal na tipan: “*Iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina, at makikisama sa kanyang asawa, at silang dalawa ay magiging isang laman. Ito ay isang malaking hiwaga: datapwat ang sinasabi ko ay tungkol kay Cristo at sa Iglesia.*” (Mga Taga Efeso 5:31-32)

Mayroong ilan ngayon na itinuturing ang kanilang sarili na mga “eksperto sa doktrina” na itinatangi na ang gayong kasal ay mangyayari. Malinaw na itinala ng Dios ang unang tipang kasalan sa Israel na siyang kumakatawan sa nalalapit na katuparan ng piging ng kasal ng Bagong Tipan sa muling nabuhay na Israel ng Dios (Exodo 24:7-11, Mga Taga Galacia 6:16). “*Ito ang tipan na gagawin Ko sa kanila pagkatapos ng mga araw na iyon, sabi ng Panginoon, ilalagay Ko ang Aking mga batas sa kanilang mga puso, at isusulat ko sa kanilang pag-iisip; at ang kanilang mga kasalanan at kasamaan ay hindi Ko na aalalahanin pa.*” (Mga Hebreo 10:16-17)

Tiyak na ipinapakita sa Biblia ang nilalayon ng ating pagpunta tungo sa kasakdalan: “*Pinapagasawa ko kayo sa isang Asawa [JesuCristo], upang kayo’y maiharap ko kay Cristo na tulad sa isang birheng malinis.*” (2 Mga Taga Corinto 11:2) Magkakaroon ng makalangit na kasalan!

“Mapapalad ang mga inaanyayahan sa piging ng kasal ng Cordero. At sinabi niya sa akin, ang mga ito ay ang mga tunay na salita ng Dios.” (Apocalipsis 19:9) Pinapahayag ng ilan na hindi magkakaroon ng piging ng kasal, at na ang mga salita na ito ng Dios ay alegorya lamang. Ang Iglesia ba ng Dios ay literal na papasok sa isang walang hanggang tipanan na relasyon kay

JesuCristo – o pinapaasa ba lamang tayo ng Dios sa mga kaakit-akit na sentimiento na ito? Ang tunay na suliranin ay ang nakakawasak na hinuha na si Jesus ay naglahad ng labis tungkol sa ating potensyal, at ang katotohanan sa pagtuturo ni Cristo ay hindi tumutumbas sa Kanyang mga pahayag.

Huwag ninyong ipagkamali ito, “*Ito ang mga **tunay** na salita ng Dios.*” (Apocalipsis 19:9) Mag-ingat ng mabuti sa mga nagpapahina ng katotohanan ng Dios sa mga huling araw na ito. “*Alamin mo ito, na sa mga huling araw darating ang mga panahong mapanganib. Sapagkat ang mga tao ay...may anyo ng pagka maka-Dios, subalit tinatanggi ang kapangyarihan nito: sa mga gayon ay lumayo ka.*” (2 Timoteo 3:1, 5)

Kapag nababasa natin ang tungkol sa hinaharap na katuparan ng Plano ng Dios – huwag mong ipalagay na maaring maunawaan ng ating karnal na pag-iisip – ang kamangha-mangha, marilag, at hindi matarok na kahulugan ng ipinangako ng Dios. Hindi nagbebenta si JesuCristo ng mga kalakal. Palagi nating kilalanin na ang katuparan ng mga pangako na sinasalita ng Dios ay hihigitan pa ang ating pinakamalaking inaasahan.

Ang patunay ng mga kritiko na ang *piging ng kasal ng Cordero* ay isa lamang alegorya ay sinabi na nasa Apocalipsis 21. Tanong nila na may halong panunuya, “Magpapakasal ba si Jesus sa **isang lungsod**? Alik-ik, alik-ik!” Ano ang ibig sabihin ng Kasulatan kapag ito ay nagsasabi tungkol sa isang bagong langit at isang bagong lupa? “*Ako, si Juan, ay nakita ko ang banal na lungsod, ang **Bagong Jerusalem**, na nananaog buhat sa Dios mula sa langit, **nakahanda bilang isang Nobyang ikakasal, nakagayak para sa kanyang Asawa.***” (Apocalipsis 21:2)

Mayroong isang bagay na maringal ang inihahayag dito – *ang Banal na Lungsod, nakahanda bilang isang Nobyang ikakasal* – ano ang ibig sabihin nito? Ang mga gumagamit ng makamundong kadunungan ay nagsasabi na talaga namang hindi posible na pakasalan ni Cristo ang Bagong Jerusalem – sapagkat walang maaaring magpakasal sa *isang lungsod*. Hindi nila nauunawaan na ang “Bagong Jerusalem” ay tumutukoy sa mga **espiritwal na mga santo ng Dios**. Hindi nila isinama ang mga sumunod na bersikulo sa kanilang pag-aaral, at hindi nila naitanong sa kanilang mga sarili, “Sino ang Bagong Jerusalem?” Muli, mangyaring unawain ninyo – ang pananalita sa Biblia ay tumuturo sa espiritwal na katotohanan na darating. Ating hinuhain ang kaunti rito at ang kaunti roon, at tingnan natin kung maaari nating malaman kung **sino** ang tinutukoy ni Cristo kapag ginagamit Niya ang mga katagang, “Bagong Jerusalem.”

Zion

Una sa lahat, unawain natin kung ano ang Zion. (Sion, sa Bagong Tipan) Unang nabanggit ang Zion nang nadakip ni David ang templong-bundok na muog na ito mula sa mga Jebuseo (2 Samuel 5:7). Ang kahulugan ng katagang “Zion” ay dumaan sa isang serye ng pagpapalawak ng Kasulatan sa pagbubuo ng konsepto nito mula sa pagkatawan sa sinaunang Israel bilang mga tao ng Dios (Isaias 51:16), kasama ang lahat ng nasasaklaw ng konsepto ng walang katapusang paghahari ng Dios, at lahat ng kasama nito (Mikas 4:7). *“Pinili ng Panginoon ang Zion; Kanyang ninasa para maging tahanan Niya. Ito ang aking pahingahan **magpakailanman**: dito ako tatahan; sapagkat*

Aking ninasa.” (Mga Awit 132:13-14) Dito niyo maiuugnay na ang Dios ay **nananahan** sa Zion at sa mga santo – sapagkat sila ay iisa at pareho! Ang mga santo ay, *“...isang tahanan ng Dios...”* (Mga Taga Efeso 2:22)

Itinutumbas ni Isaias ang Zion sa Banal na Lungsod, na Jerusalem. *“Gumising ka, gumising ka; magsuot ka ng iyong lakas, O Zion; magsuot ka ng iyong magagandang damit, O Jerusalem, ang Banal na Lungsod.”* (Isaias 52:1) At, ang **mga santo ay nagtataglay ng pangalan** ng lungsod ng Dios, ang Bagong Jerusalem – sapagkat sila ay iisa at pareho! *“Isusulat ko sa kanya ang pangalan ng aking Dios, at ang pangalan ng lungsod ng aking Dios, ang Bagong Jerusalem.”* (Apocalipsis 3:12). Kapag pinagsama-sama natin ang ilang mga bersikulo na ito, makikita natin na ang **Zion ay ang Iglesia.**

Ipinapakita na ang Luma at Bagong Tipan na mga Kasulatan ay kasang-ayon sa pagpapatunay na si JesuCristo ay pakakasalan ang Nobya – ang Iglesia – Espiritwal na Israel – Bundok ng Zion – Ang Panganay – Bagong Jerusalem – ang Lungsod ng Panginoon. Ang Zion ay ang walang hanggang lungsod na hinanap ni Abraham (Mga Hebreo 11:10). Pansinin niyo kung paano pinagdugtong ni Pablo ang ilan sa mga naglalarawang mga kataga na ito nang nagsasalita siya tungkol sa mga santo na muling nabuhay – ang Nobya ni Cristo. *“Kayo ay sumapit sa Bundok ng Zion, at sa Lungsod ng Dios na Buhay, ang Jerusalem sa Kalangitan, at sa di mabilang na mga hukbo ng mga anghel, sa Pangkalahatang Pulong, at Iglesia ng mga Panganay, na nakasulat sa langit, at sa Dios na Hukom ng lahat, at sa mga espiritu ng mga taong makatwiran na ginawang sakdal.”* (Mga Hebreo 12:22-23) Kasama doon ang mga santo! *“Ang mga espiritu ng matuwid na mga tao na ginawang sakdal,”* ay isang ulirang larawan ng **nakahandang Nobya ni Cristo.**

Ganito inilarawan ni Isaias ang kaluwalhatian at kayamanan ng Bagong Jerusalem, ang Nobya ni Cristo: *“Ang Manunubos ay paparoon sa Zion...ang Aking tipan ay sa kanila, sabi ng Panginoon; ang Aking Espiritu na nasa iyo... at tatawagin ka nila, ang Lungsod ng Panginoon, ang Zion ng Banal ng Israel.”* (Isaias 59:20-21, 60:14) Ang Bagong Jerusalem ay tinawag na Nobya sapagkat saklaw nito ang lahat ng bumubuo sa Nobya. Ibinahagi ni Jesus sa atin ang Kanyang malapit na damdamin para sa Kanyang Nobya – sapagkat layon Niya na tayo ay Kanyang maging Nobya. Sinabi Niya sa Zion – ang Iglesia at ang Nobya – *“Ikaw ay tatawaging ‘Hephzibah’ – [Ang Aking Lugod ay sa Kanya]...sapagkat ang Panginoon ay nalulugod sa iyo.”* (Isaias 62:4)

Ang bawat isa sa atin ay *templo ng Dios* (1 Mga Taga Corinto 3:16, 6:19, 2 Mga Taga Corinto 6:16). Ipinakita ni Pedro na sama-sama tayo ay *tulad sa mga buhay na bato, ipinatayo na espiritwal na bahay, pagkasaserdoteng banal* – gayunpaman, hindi magpapakasal si Jesus sa isang templo, lungsod, mga bato, o isang bahay (1 Pedro 2:5). Maliwanag na kapag tayo ay inilagay sa Katawan ni Cristo, tayo ay nagiging “*Kababayan kasama ng mga santo, at ng sangbahayan ng Dios...na sa Kanya’y ang buong gusali, na pinagsama, ay lumalago na maging isang templong banal sa Panginoon, na sa Kanya’y tayo ay itinatayong magkakasama upang maging tahanan ng Dios sa Espiritu.*” (Mga Taga Efeso 2:19-22).

Ang *templong banal sa Panginoon* – isang *tahanan ng Dios*, ay ang Iglesia – Espiritwal na Israel – Bundok ng Zion – Ang Panganay - Bagong Jerusalem – ang Lungsod ng Panginoon. Kaya nga, sino itong Bagong Jerusalem *nakahanda bilang nobya na nakagayak para sa kanyang asawa?* Iyon ay ang mga muling nabuhay – mga espiritwal na santo ng Dios. Pansinin niyo ang Apocalipsis 21:3, “*At narinig ko ang isang malakas na tinig mula sa langit na nagsasabi, Masdan niyo, ang tabernakulo ng Dios ay nasa mga tao, at Siya’y mananahang kasama nila, at sila’y magiging mga tao Niya, at ang Dios mismo ay kanilang makakasama, at magiging Dios nila.*”

Alam ni Jesus tungkol sa mapanganib na mga panahon na sasabihin ng mga tao, “Nagbibiro lamang ang Dios” – kaya idinagdag Niya ang pagpapatunay na ito muli. “*Yaong nakaupo sa trono ay nagsabi, Masdan niyo, ginagawa kong bago ang lahat ng mga bagay. At sinabi Niya sa akin, Isulat mo: **sapagkat ang mga salitang ito ay tunay at tapat.***” (Apocalipsis 21:5) Hayaan ang Biblia magpaliwanag sa Biblia. “*Halika, ipapakita ko sa iyo ang Nobya, ang asawa ng Cordero...at ipinakita niya sa akin ang dakilang lungsod, ang **Banal na Jerusalem**, na nananaog mula sa langit buhat sa Dios.*” (Apocalipsis 21:9-10) Ang Nobya ni Cristo at ang Banal na Jerusalem ay iisa at pareho!

Gumising Ka sa Pagkakatulog

Masdan niyo, ang Nobyo ay dumarating na; magsilabas kayo upang salubungin Siya.” (Mateo 25:6) Ano ang mangyayari sa mga hindi nanindigan o naglagay ng kanilang sariling kapakanan sa kapahamakan upang iligtas ang isang kapatid sa kapinsalaan? Ang pag-aalay ng ating buhay bilang buhay na sakripisyo ay ang pangunang kailangan upang maging karapat-dapat bilang Nobya. Ang mga hindi handang ialay sa *espiritwal* na paraan ang kanilang buhay bilang mga buhay na sakripisyo – ngayon – ay magkakaroon ng pagkakataon na ialay ang kanilang buhay – sa *pisikal* na paraan – sa kapighatian. Kung walang bagay ang sapat upang maging isang alalahanin para tayo ay **manindigan at magsalita** – at malagay sa panganib ang lahat, katulad ng ibinigay na halimbawa ni Cristo, dapat natin tanungin kung tayo ba ay gising o tulog?

May ilang mga kapatid – mga kasapi at mga ministro – na hindi nakakita ng dahilan upang sila ay magsalita o kumilos na maaring makagulo sa kanilang organisasyon. Sa ngayon, ang lahat ay maayos – nakaraos sila sa mga pagbabago ng doktrina, intrigang politikal, mga pamalit sa dalisay na relihiyon, at mga pagmamaltrato sa mga kasapi. Ang kanilang personal na patakaran ay “maglaro ng ligtas – at panatilihin malinis ang kanilang ilong.” (Maging labis na maingat at huwag makipagsapalaran – umiwas sa mga problema.) Hindi pa sila handa para maging Nobya sapagkat hindi nila *isinasaalang-alang ang iba na udyokin sa pagmamahal at mabubuting gawa* (Mga Hebreo 10:24).

Ang tao na ayaw masangkot sa isang alanganing sitwasyon upang iligtas ang isang kapatid na nagkakasala, ay hindi handa upang maging Nobya ni Cristo. (Mga Taga Galacia 6:1) Ang taong gayon ay umiwas sa pamamagitan ng pagsabi na, “Ilalagay ko iyon sa kamay ng Dios,” na kanilang pangangatwiran para makaiwas sa pagtupad ng kanilang tungkulin bilang Kristiyano. Ang ating kinabukasan ay para maghari at mamuno kasama ni Cristo sa milenyo bilang katuwang Niya (Apocalipsis 5:10). Anong uri ng katuwang tayo kung palagi nating ipinapasa ang bawat problema para ayusin ni Cristo? Ngayon ang panahon para patunayan natin na handa tayong ilagay sa panganib ang ating mga sarili upang maibalik ang isang kapatid (Santiago 5:20). Hindi maaaring sa milenyo ay pilitin nating ilagay ang lahat sa kamay ni Cristo. Hindi magkakaroon si JesuCristo ng asawa – isang katuwang – na ipinapasa ang bawat gawain sa Kanya.

Hindi magpapakasal si JesuCristo sa isang sanggol. Hindi Siya magpapakasal sa isang nobya na parang bata. Ang Nobyo, si JesuCristo, ay magpapakasal sa isang may *espiritwal* na kahustuhan. Mayroong ilan, kung mayroon man, ulirang mag-asawa sa Biblia. Ang Iglesia ng Dios ngayon ay binibigyan ng pagkakataon na maging halimbawa ng mga magagandang pagsasama ng mag-asawa na itinatag sa mga *espiritwal* na prinsipyo. Ang mga katangi-tanging pagsasama ng mag-asawa na mga ito ng mga tunay na nagbagong-loob na mga tao ay gagamitin sa milenyo na paglalarawan kung saan itatayo ang isang maka-Dios na lipunana. Ang institusyon ng matrimonyo ay itinatag ng Dios bilang simbolo ng malapit na relasyon na namamagitan kay JesuCristo at ng Kanyang Nobya. At dahil sa ang *espiritwal* na katotohanan ay palaging nakakahigit sa makamundong pisikal na mga pangyayari, ang pinakasakdal na pagmamahal na umiral sa pagitan ng sinomang lalaki at babae sa lupa ay salat kumpara sa sakdal na *espiritwal* na pagsasama na iiral kasama si JesuCristo. Iyan ang kagandahan ng piging ng kasal.

Kaya't Makakasama Natin ang Panginoon Magpakailanman

Tayong mga kasapi ng Iglesia na umaasang magiging bahagi ng Nobya ay dapat isaalang-alang ang ating katayuan sa mga mata ng Dios. Handa na ba tayo? Matapat ba tayo sa *pagsusuri ng ating mga sarili kung tayo ay nasa pananampalataya* (2 Mga Taga Corinto 13:5)? Ang parabula ng sampung birhen ay nagpapahiwatig na kalahati lamang ng mga kasapi na naniniwalang sila ay nahahanda at ginagamit ang Banal na Espiritu – ang makakapasa.

Pakinggan ang mga babala ni JesuCristo para sa panahon bago Siya dumating. “*Samantalang nagtatagal nga ang Nobyo, ay nangagantok silang lahat at nakatulog.*” (Mateo 25:5) Makakabuti sa atin na makinig at dinggin ang katotohanan na ang paglalarawan ni Cristo sa atin sa katapusang-panahon na ito, ay hindi natin natutupad ang mga inaasahan Niya sa Nobya.

Nilinang ba natin ang ginintuang karakter na kinakailangan para mamuno sa mundo ng darating na panahon? Nagtataglay ba tayo ng mayaman na pangunawa ng paraan ng Dios na malinaw na inilarawan sa mga Kasulatan? Naisasaisip ba natin ang isang mundo na walang kasamaan – isang mundo na binubuo sa pagkamakatwiran ng Dios? Gaano tayo nagkukulang sa mga inaasahan ni Cristo? “*Ipinapayo ko sa iyo na ikaw ay bumili sa akin ng gintong dinalisay ng apoy, upang ikaw ay maging mayaman; at ng maputing damit [pagkamatuwid], upang ikaw ay madamitan, at upang ang iyong kahiya-hiyang kahubaran ay hindi humantad; at pahiran mo ang iyong mga mata ng pampahid sa mata, upang ikaw ay makakita.*” (Apocalipsis 3:18)

Dapat nating masigasig na gamitin ang espiritwal na karakter para sa kabutihan ng mga kapatid habang pinapanatili ang mapagsising loob ng paglilingkod. **Maging mga gumagawa ng gayon!** Manindigan para sa pagkamakatwiran! Ipagtanggol hanggang kamatayan ang mga tunay na prinsipyo ng Dios! Magsalita ng tamang doktrina! Isabuhay iyon! Isagawa ito sa lahat ng mga kapatid! Itama ang mga nagkakamali sapagkat sila rin ay tinatrabaho ang kanilang sariling kaligtasan – at sila ay ating mga kapatid.

Maikli na ang panahon! Ang mga bayan ng Israel ngayon ay malapit na sumusunod sa ligaw na landas ng ating mga ninuno na tinalikuran ang Dios at ang Kanyang katotohanan. Ang panahon ng kaguluhan ni Jacob ay malapit na! Ang ilan ay maliligtas, ang iba ay mamamatay na martir, at

ang iba ay dadalin sa pagkabihag. Tanungin natin ang ating mga sarili kung tayo ba ay umaabot sa sukat sa dakilang pagtawag sa atin. Ang pagiging Nobya ba ni Cristo ay higit na mahalaga kaysa ano pa man? Masasabi ba nila tungkol sa atin, “*Hindi nila minahal ang kanilang mga buhay hanggang kamatayan,*”? (Apocalipsis 12:11)

Sikaping makipagsama-sama sa bawat totoong Kristiyano sa doktrinang pare-pareho nating pinanghahawakan – sa pagkakaisa sa Espiritu. Huwag tayong maghiwa-hiwalay ng dahil sa mga adyenda ng mga tao. Labanan ang pang-aabusong ipinapataw sa mga inosenteng kapatid. Mag-ingat ng mabuti sa mga tao na humahamak sa mga gumagawa ng mabuti at mapagmataas na nagsasamantala sa mga mahinang kasapi (2 Timoteo 3:3). Maging marunong tungkol sa mga kompromiso ng dakilang manlililang. Gayundin, maging mapagmatyag sa mga nagbubulag-bulagan sa mga prinsipyo ni Cristo upang matamo ang kanilang mga adhikain. Hindi sinabi ng Dios kanino man na labagin ang Kanyang paraan o Kanyang batas upang matamo ang layunin.

Nakakapukaw ng pagkamangha ang kapalaran na naghihintay sa atin – “*Hindi pa nakita ng mata, ni narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa puso ng tao, ang mga bagay na inihanda ng Dios sa kanila na nagmamahal sa Kanya* (1 Mga Taga Corinto 2:9). Magsalita ng walang takot kapag may mga tao o mga organisasyon na naghahangad na maging nakatataas. Himukin ang isa't-isa na maglingkod sa iba. Tumingin sa Dios! Bantayan ang pagdating ng Nobyo, si JesuCristo! Aleluya! Sapagkat ang ating Panginoong Dios na Makapangyarihan ay naghahari. Tayo ay magalak at magbunyi, at bigyan Siya ng parangal: sapagkat ang kasal ng Cordero ay dumating na at ang Kanyang Nobya ay **inihanda na ang kanyang sarili!** ... kaya't makakasama natin ang Panginoon magpakailanman!

Ang libritong ito ay serbisyong pangedukasyon na inilathala ng

This booklet is a free educational service
published by the

Sabbath Church of God
P.O. Box 30332
Little Rock, AR. 72260

e-mail: info@sabbathcog.net

www.ChildrenOfGod.net
www.SabbathCoG.net
www.SabbathCoG.org

© Copyright 2006 – 2018 Sabbath Church of God All Rights Reserved

